ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 8| August 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PAGTUGON NG MAMBABASA SA MGA PILING *BALAK* NI NOEL P. TUAZON: ISTILO, TEMA, AT TEORYANG PAMPANITIKAN

**Richel H. Minghay, Christian Donel L. Baugbog, Fe N. Conui, Jessel B. Anino, Charlene M. Hecale**
*College of Education, Holy Name University, Tagbilaran City, Bohol, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra23345**
**DOI No: 10.36713/epra23345**

## ABSTRAK

*Sinuri sa pag-aaral na ito ang mga piling balak ni Noel P. Tuazon gamit ang Reader's Response Theory na naglayong tuklasin ang mga nakapaloob na istilo, tema, at mga teoryang pampanitikan sa mga sumusunod na balak: Sugub sa Alimadmad, Sama Nimo, at Kabilin na nanalo ng isang beses lamang sa bawat gawad-patimpalak na prestihiyosong kanyang sinalihan. Ipinakita sa pagsusuri kung paano tinanggap at binigyang-kahulugan ng mga mambabasa ang mga akdang ito batay sa kanilang karanasan, pananaw, at damdamin.*

*Ginamit ng mga mananaliksik ang desinyong deskriptibo gayundin ang pamamaraang content analysis upang magalugad at masuri ang mga piling balak. Ginamit na basehan sa pagsusuri ng istilo ang mga linguistic devices o mga tayutay habang sa tema ay tekswal na analisis. Ang teoryang pampanitikan ay sinuri gamit ang mga pamantayan sa mga panunuring pampanitikan.*

*Natuklasan sa pag-aaral ang mga temang sumasalamin sa kultura, karanasan, at damdamin ng makata, na nagpapakilala ng lalim at kahalagahan ng panitikang rehiyonal. Gayundin ang istilo ng mga balak ay binigyang-diin sa pamamagitan ng masining na paggamit ng simbolismo, talinghaga, at tayutay na nagdaragdag sa estetika at kabuluhan ng akda. Ang paggamit ng teoryang pampanitikan tulad ng eksistensyalismo ay nagbigay-liwanag sa mga pakikibaka at paninindigan ng tao sa harap ng pagbabago at hamon ng buhay. Sa kabuuan, ang panitikan ay epektibong nagiging daan upang maipahayag ang personal at kolektibong identidad ng mga Pilipino. Ang resulta ng pag-aaral ay makatutulong sa mga guro, manunulat, at mananaliksik sa mas malalim na pag-aaral ng balak at iba pang anyo ng panitikang Cebuano.*

**MGA SUSING SALITA:** *Balak*, *Istilo, Tema, Mga Teoryang Pampanitikan, Reader's Response Theory*

## INTRODUKSYON

Sa pagsusuri ng mga panitikang pambansa at rehiyonal sa Pilipinas, itinatampok nito ang kritikal na papel ng mga rehiyon sa pagbuo ng panitikan (Andrada, 2022). Binibigyang-diin sa nasabing pagsusuri ang ugnayan ng pambansang panitikan at antolohiyang rehiyonal na tatalima sa political, ideolohikal, at konseptuwal na aspekto.

Maiaangkla sa mga kontemporanyong teorya ang pag-aaral ng panitikan katulad ng sinabi ni Miranda (2017) na ang nais maipabatid ng panitikan ay ang gamit at kahalagahan ng mga kontemporanyong teorya sa paggawa ng mainam na akda at maging gabay ang mga teoryang ito sa paglikha ng mga matatalinong lathalain. Ibig sabihin, ang kontemporanyong teoryang pampanitikan ay isa sa mga batayan ng mga tulang isinulat ng mga makata. Dahil dito, malalaman ng isang mambabasa kung ano ang ipinapahiwatig ng *balak*. Inilalarawan nito ang mga kaugalian, etiketa, at paraan ng pamumuhay ng mga tao sa kanilang natatanging panahon. Maaaring ipahayag ng mga makata at manunulat ang mga disposisyon, emosyon, at mga pangyayari sa kanilang panahon sa pamamagitan ng panitikan. Sa pagsusuri ng mga mananaliksik ng kasalukuyang pag-aaral ng mga kontemporanyong teoryang pampanitikan ay tinitingnan nila ang mga kaisipang nakapaloob sa mga balak na maaaring katulad ng mga teoryang Feminismo, Siko- analitiko, Quer, Istaylistiko, Apokaliptik, Moralistiko at iba pa. Dagdag pa nito, sa pagsusuri ng mga mananaliksik sa mga piling balak, nakabatay lamang ito sa teoryang *Reader's Response*, kung saan ang pagpapakahulugan sa isang akda ay nakasalalay sa karanasan, pananaw, at damdamin ng mga mananaliksik, kaya't nagkakaroon ng iba't ibang interpretasyon batay sa kanilang sariling pag-unawa.

Sa kasalukuyang panahon, marami pa ring umuusbong na mga tulang may matatalinghagang ideya at sangkap ng emosyon na maaaring nasa wikang pambansang Filipino o panrehiyonal na wikang Cebuano. Katulad na lamang nito ang uri ng tulang pinapanatili at pinapahalagahan ng mga Bisaya, ang balak, na tanyag gamit ang wikang Cebuano.

Ayon kay Almario (2015), ang balak ay isang salitang Cebuano na maiugnay sa mismong kahulugan ng pagtula na hinahanguan ng isang pagbabalak tungo sa paghahabi ng mga konsepto at ideya. Nakapaloob nito ang matatalinghagang salita o pahayag sa wikang Cebuano na kinapapalamnan ng pinagsasaluhang mga

karanasan ng mga Bisaya upang maipadama ito sa puso at maipaunawa sa isipan ng kanilang mga mambabasa ang kariktan at kaanyuan sa buhay. Ang balak ay naging daungan din ng iilang mambabasa na mas mapamayani at mapagyabong ang panitikang sumasabuhay sa kanilang kultura at kaugalian. Gayundin, sumisimbolo ito sa kultura at buhay, at ang nararamdaman at naiisip ng isang makata sa isang partikular na panahon.

Sa pagkahilig at pagpapahalaga ng mga Bisaya sa balak ay naipapakita ng kanilang damdaming nararamdaman sa pang-araw-araw na gawain. Kaya naman, ang pagpapahalaga sa mga natatanging akda ng mga manunulat sa kasalukuyan ay nabibigyang-halaga, napapansin at mas lalong iginagalang sa pamamagitan ng pagbibigay ng parangal tulad ng Don *Carlos Palanca Memorial Awards for Literature*, at Gawad Bienvenido Lumbera *National Contest of Literary Arts* na mga pambansang patimpalak sa panitikan. Isa sa mga Bisayang-Boholano na nagawaran sa mga nabanggit na pambansang patimpalak sa panitikan ay si Prop. Noel P. Tuazon, isang makatang mahusay sa pagsulat na nanalo ng ilang beses sa kategoryang balak. Makikita sa kanyang balak ang isa sa mga malikhaing katangian na may makabuluhang malalim na layunin na nagbibigay ng makatotohanang pangyayari. Gumamit din siya ng imahinasyon, mga tayutay at malikhaing ideya sa pagpapahayag ng damdamin. Ang kadalasang katangian ng isang balak na nanalo sa patimpalak ay ang pagiging makabuluhan at mapanlikha sa pamamagitan ng mga salita na may karaniwang malalim na damdamin at kahulugan. Sa piyesang napanalunan ay may kakayahang magpalutang ng emosyon sa mga mambabasa at magbigay ng bagong pananaw sa mga paksa o tema na kanilang tinatalakay.

Kaugnay nito, ang mga balak ni Noel P. Tuazon ay nakikitaan ng mga mananaliksik ng katangi-tanging kakayahan sa pagsulat ng balak na may kakaibang mga salitang ginagamit. Ang kanyang kahusayan sa pagsusulat ay nagbunga at sa katunayan ay isa siya sa mga naging tanyag na manunulat ng balak na kung saan ginawaran ang iilan sa mga ito sa gawad Lumbera *National Contest of Literary Arts*. Sa kasulukuyan, ang kabuuan ng kanyang mga naisulat na balak ay nasa tatlumpu't isa at labimpito sa mga ito ay nanalo sa patimpalak. Ang mga parangal na ito ay nagsisilbing ebidensya ng kanyang kahusayan sa pagsulat ng balak. Kung kaya't, nagiging daan ito upang mahimok ang mga mananaliksik na pag-aralan at alamin ang mga nakapaloob na tema, istilo at mga teoryang pampanitikan sa kanyang mga napanalunan at nagawarang mga balak.

Sanligan ng pag-aaral na ito ang teoryang *Reader's Response Theory* ni Louise Rosenblatt na makikita sa pag-aaral nina Woodruff & Griffin (2017). Ayon sa teoryang ito, ang mga mambabasa ay nagdadala ng kanilang sariling mga karanasan, halaga, at paniniwala sa teksto na humuhubog sa kanilang pag-unawa at tugon dito. Ibig sabihin, ang bawat interpretasyon ng isang teksto ng bawat mambabasa ay natatangi at maaaring mag-iba depende sa mga salik tulad ng kanilang kultural na pinagmulan, personal na mga karanasan, at emosyonal na kalagayan. Tinatawag itong *subjective reader's response*.

Naaangkop ang teoryang *Reader's Response Theory* sa pag-aaral ng teoryang pampanitikan sapagkat nakapokus ito sa pag- unawa at pagbibigay-kahulugan sa isang teksto. Ipinapahayag nito ang mga kahulugan na nakapaloob sa teksto at napapalawak nito ang imahinasyon ng mambabasa. Nagkakaroon ng sariling interpretasyon at pag-unawa ang mga mambabasa. Ito ang nagtutulak sa kanila na maikonekta sa kanilang sariling karanasan, pananaw at kultura sa kanilang interpretasyon sa tekstong nabasa. Pinapalakas nito ang kahalagahan ng pag-iisip sa tugon ng mambabasa sa pag-aanalisa ng panitikan katulad ng mga balak ni Noel P. Tuazon.

Ayon kay Shin (2019), ang Reader's Response Theory ay nagbibigay ng mahalagang bintana sa pagpapaunlad ng iba't ibang pananaw. Ang pagsasama-sama ng mga mahahalagang kasanayan sa pagbasa, pagsasalita, pagsusulat, at pagpapakita ay nagpapagising ng kolaborasyon sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng kanilang intelektwal at emosyonal na kakayahan upang mapa-dali ang estetikong pag-unawa na nagreresulta sa mga malikhaing gawa. Inirerekomenda ng mga ebidensyang empirikal na ang integrasyon ng mga kasanayang ito sa literasiya ay nagpapalakas sa pangunahing panitikan at pedagohiya sa larangan ng literasiya.

Sa pag-aaral nina Woodruff at Griffin (2017), ang Reader's Response Theory ay sumusuporta sa proseso ng paggawa ng mga mambabasa na kritikal, maalalahanin at nakipag-ugnayan. Ang sistematikong pagsusuring ito ay naglalayong maglahad ng sintesis ng empirikal na katibayan mula sa mga kaugnay na pag-aaral na natagpuan sa paglipas ng mga taon sa teorya, at kalamangan at hamon na natagpuan sa mga pag-aaral na nirepaso.

Nakasandig din ang pag-aaral na ito sa batayang legal na itinadhana sa Artikulo XIV, Seksyon 3, talata 2 ng Makabagong Saligang Batas ng Pilipinas 1987 ang pagpapahalagang itanim sa isipan ang pagmamahal sa bayan at pagiging makabansa, palakasin ang mga etikal at espiritwal na pagpapahalaga, hubugin ang mabuting asal at sariling disiplina, at paunlarin ang mapanuring pag-iisip at malikhaing kakayahan sa lahat ng antas ng edukasyon.

Bilang isang mamamayang Pilipino, kinakailangang panatatilihin ang pag-uugaling makabayan, paunlarin ang aspetong pantao na siyang huhubog para sa magandang kinabukasan, bigyang-halaga ang kaisipang mapanuri at malikhain sa lahat ng mga institusyong pang-edukasyon para sa ikauunlad nito. Binibigyang-linaw rin sa batas na ito ang pagpapahalaga sa moralidad ng isang tao. Hinihikayat din na palawigin ang pagiging mapanuri at pagkamalikahain ng mga mamamayan at ito ay magsisimula sa loob ng mga silid-aralan.

Bilang dagdag na batayang legal, isinaad din ng Artikulo XIV, Seksyon 15, talata 1 na, "Dapat tangkilikin ng estado ang mga sining at panitikan. Dapat pangalagaan, itaguyod, at ipalaganap ng estado ang pamanang historikal, kultural, mga likha at mga kayamanang batis artistiko ng bansa." Nararapat na tangkilikin ang mga akdang pampanitikan dahil ang mga ito ay nagsisilbing kasangkapan sa paghubog ng mga kaasalan at gawi: salamin ng

mga karanasan at mga pangyayari sa buhay ng mga ninuno noong unang panahon na siyang magsisilbing sandigan ng pagkakakilanlan bilang mga Pilipinong may pagpapahalaga sa panitikan.

Ayon sa pag-aaral ni Aguila (2017), ang pagpapataas ng adbokasiya sa kasanayan ng pagbabasa ng mga batang mag-aaral at makuha ang malalim na interes nila sa akdang pampanitikan ay isang magandang programa. Ang pagyayabong ng kasanayang ito ay makakatulong sa madaliang pagsusuri ng mga mananaliksik, lalong-lalo na kung may pag-unawa sila sa nais ipahiwatig sa akda o ng may-akda.

Ayon kay Azarias (2018), ang panitikan ay nagpapahayag ng damdamin ng tao tungkol sa mundo, buhay, lipunan, pamamahala, at ugnayan ng kaluluwa sa banal na lumikha. Ang panitikan ay repleksyon ng pamumuhay ng mga tao at ng lipunang kanilang ginagalawan. Ang panitikan ay nagpapasigla sa ating isipan at nagpapabilis ng ating mga puso.

Ayon kay Nibalvos (2019) sa pag-aaral nina Perez-Semorlan, ang nakaraan ng isang bansa ay bahagi ng kasaysayan nito na kailangang balikan dahil sinasalamin ang tunay na kaugalian ng mga mamamayan nito. Binigyang-diin ni Nibalvos na kapag lumilikha ang isang manunulat, laging nakatatak sa akda ang kultura at kasaysayan ng isang partikular na lipunan o panahon. Ang mga manunulat ay hinuhubog ng kanilang kultura at panahon, at ang mga kaloob na nagbibigay sa kanila ng talento ay kinabibilangan ng mga pagpapahalaga, paniniwala, hilig, at tradisyon ng lipunang kinabibilangan nila.

Sa pag-aaral ni Alejandro (2010), makabuluhan na ang tula na nilikha at ang may-akda ay sinasambit na isang manlilikha. Ang tula ay dinamikong hugis sa buhay. Sa ambag ng guniguni, ang buhay ay nangangatwiran ng bagong hubog ang makata. Masasabing ang kalikasan at buhay ang nagpapalawak ng paksa ng isang makata sa pamamagitan ng larawang-diwa na nagpapaantig ng kailaliman ng emosyon.

Ibinahagi ni Evasco (2002) sa kanyang pag-aaral na dekada ng mga kababaihan ng Visayas at Mindanao na sumulat ng mga tula at nobela ng Cebuano. Umusbong ang tinatawag na *"Golden Age of Cebuano Literature*" mula 1900 hanggang 1940, ang malikhaing aktibidad na nagdulot sa paglago ng kababaihan sa panitikan at ang paglagong ito ay nagpapakita ng mga makabagong akda na inilathala sa tatlong antolohiya ng panitikan ng kababaihan. *Centering Voices (1995), Fern Garden: Anthology of Women Writing in the South (1998) at* Sinug-ang: A Cebuano Trio (1999). Ang artikulong ito ay kinapapalooban ng mga tulang naisulat sa Cebuano ng kababaihang nagpabago sa tradisyong panuluan. Ipanapakita nila ang galing ng mga babae sa larangan ng panitikan. Nakatuon ito sa mga pampanitikang tema kung saan isinulat ng mga babae ang kanilang mga kakayahan sa panitikan. Ipinapakita kung paano nila nilalapitan ang mga temang ito sa pamamagitan ng pagbigkas nang patula.

Isinasaad nina Cetinavci at Tutunis (2016), na ang motibasyon ng kanilang pag-aaral ay nagmula sa persepsyong ang tula ay namumukod sa mga larangang edukasyon ng wika.

Dagdag pa ni Noval (2022) mula sa kanyang pag-aaral, ang kahalagahan at kulturang nakapaloob sa mga piling Sugboanong balak ay nagpapakita ng pang- araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino. Ito ay nakasentro sa mga sangkap ng tula na paksang-diwa, simbolismo, pagpapahalaga, kultura at matatalinghagang salita. Mahalaga ang pag-aaral na ito sapagkat ito ay nagpapaliwanag kung paano nagagamit ang mga sangkap at estratehiya sa pagbuo ng maayos na tula.

Ayon kay Siplac (2022), ang tula ay hindi lahat tungkol sa mga emosyon ng mga karakter at sitwasyon na nasa tula. Ang isang tula ay walang kasiguraduhang paksa. Ito ay nakabase sa iyong nararamdaman na maglulundo sa kaisipang huhulma ng teorya.

Ayon kina Inocian, et al, (2020), ang kulturang nadalumat sa balak ay nakapag-aayos ng pinakamagandang postura at palamuti hindi lamang sa pisikal na kaanyuang makikita sa mga Sugboanon kung hindi maging sa kanilang mga makukulay na pagdiriwang na nagsisilbing patnubay sa buhay upang mapayaman ang sarili at maipakilala sa buong bansa ang pagiging Sugboanon.

Sa pag-aaral ng tula, ang tunay na esensya nito ay hindi dapat mawala. Ang kagandahan ng malikhaing tula ay nasa lalim ng damdamin at saklaw ng mga ideya nito. Ayon kay Vega (2017), ang pangunahing halaga ng tula ay ang lasa at kabuluhan nito, at hindi lamang ang pagtingin sa pisikal na anyo. Sinabi rin niya na ang buhay ng sining ay nasa kaluluwa at sustansya. Sa mga salita ni Vega, ipinaliwanag niya nang maayos na ang pagsusuri sa tula ay isang proseso na masusing ginagawa. Hindi lamang ito tungkol sa pagbabasa kung hindi sa pag-unawa ng mga konsepto na ibinabahagi ng may-akda. Ang tunay na halaga ng tula ay matatagpuan sa kanyang lasa at kabuluhan, hindi lamang sa kanyang anyo o kung paano ito sinulat, kung hindi sa wastong pagpapakahulugan sa istilo at paraan ng pagkakabuo nito.

Bilang bahagi ng saklaw ng pananaliksik, ang pagsusuri ay nakatuon sa kung ano ang ginamit na kontemporanyong teoryang pampanitikan, kung anong istilo, at mga malalalim na salitang ginagamit sa mga piling balak na napanalunan na ni Noel P. Tuazon. Ito ay nagpapahalaga sa pag-aaral ng mga teorya sa pampanitikan na may kaugnayan sa mga estruktura, tema, istilo, at iba pang bahagi ng mga balak. Ang pagsusuri ay naglalayong maunawaan ang mga kahulugan at implikasyon ng mga teoryang ito sa mga *genre* ng panitikan na nabanggit.

Sa kabuuan, ang pananaliksik na ito ay naglalayong magbigay ng malalim na pag-unawa sa mga kontemporanyong teoryang pampanitikan, mga istilong nakapaloob at tema na ginagamit sa pagsulat ng makata sa isang balak. Ito ay naglalayong mapalawak ang kaalaman at paggamit ng mga kontemporanyong teorya sa pagsusuri ng mga akda at sa pagsasanay ng mga mag-aaral at mananaliksik sa panitikan.

Nakakatulong nang malaki sa pananaliksik ang paglapat sa iba't ibang akda at mga tekstong may kaugnayan sa pag-aaral. Ang mga pag-aaral at akdang binasa ay makapagbibigay-impormasyon na magsisilbing gabay sa pagpapabuti ng pag-aaral. Sa pamamagitan ng mga ito ay nakakakuha ng mga ideya ang mananaliksik sa pagpapatibay at pagpapabuti ng pag-aaral na ito.

**Paglalahad ng Suliranin**

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong suriin ang mga piling balak ni Noel P. Tuazon gamit ang Reader's Response Theory. Layunin din nitong sagutin ang mga sumusunod na katanungang gumagabay sa pananaliksik na ito.

1. Ano-anong mga istilo ng pagsulat ang inilalapat sa mga balak na isinulat ni Noel P. Tuazon?
2. Ano-anong mga tema ang napapaloob sa mga piling balak sa nasabing makata?
3. Ano-anong mga teoryang pampanitikan ang ginagamit sa mga naisulat na balak ni Noel P. Tuazon?

## METODOLOHIYA NG PAG-AARAL

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng disenyong deskriptibo na kung saan ang pamamaraang *content analysis* ay inilapat upang magalugad at masuri ang mga piling balak. Ang mga nasabing piling balak ay sinuri, tinasa at nirebyu ayon sa kung ano-ano ang mga ginamit na tema, istilo at teoryang pampanitikang napapaloob sa mga piling balak ni Noel P. Tuazon.

Matapos makakuha ng *clearance* mula sa Ethics Review Board (ERB) ng Holy Name University, sinimulan ng mga mananaliksik ang pangangalap at pagsusuri ng mga balak ni Noel P. Tuazon bilang pangunahing datos ng pag-aaral. Tumungo ang mga mananaliksik sa opisyal na pahina ng Holy Name University, kung saan nagtuturo ang makata, pati na rin sa silid-aklatan ng unibersidad at Google Scholar. Bukod dito, personal silang humingi ng pahintulot mula kay Noel P. Tuazon upang makuha ang mahahalagang impormasyon tungkol sa kanyang mga napanalunang balak. Bago ito isinagawa, naghanda muna ang mga mananaliksik ng isang opisyal na liham na humihingi ng pahintulot para sa personal na pakikipagtagpo, pagkuha, at pagtanggap ng mga balak mula sa makata. Ang positibong tugon mula sa kanya ang nagsilbing hudyat upang simulan ang masusing pagsusuri ng kanyang mga balak.

Nakatuon ang pagsusuri sa tatlong piling balak na nanalo sa mga prestihiyosong patimpalak tulad ng Gawad Lumbera National Contest of Literary Arts, Bathalad Cebu, at Lunsayng Bisaya. Ang mga balak na ito ay: Sugob sa Alimadmad (Pangaliyupo), Sama Nimo, at Kabilin. Isinagawa ang pag-aaral sa loob ng apat na buwan noong 2024. Upang maisakatuparan ang pagsusuri, gumamit ang mga mananaliksik ng pamantayang nakatuon sa istilo, tema, at kontemporanyong teoryang pampanitikan. Ang bawat balak ay sinuri gamit ang Reader's Response Theory, na nagbibigay-diin sa aktibong papel ng mambabasa sa pagtuklas ng kahulugan batay sa sariling karanasan at koneksyon sa teksto.

Sa pagsusuri ng Sugob sa Alimadmad (Pangaliyupo), ginugol ang isang linggo upang masusing pag-aralan ang matatalinghagang salita, istilo, tema, at kontemporanyong teorya na ginamit sa nasabing balak. Sinikap ng mga mananaliksik na unawain ang malalalim na salitang ginamit upang makabuo ng tamang interpretasyon at maikonekta ito sa kanilang sariling karanasan. Bukod dito, humingi sila ng opinyon mula sa mismong makata upang mapalalim ang pag-unawa sa mga bahagi ng balak na nangangailangan ng karagdagang pagsusuri. Sa pagsusuri naman ng Sama Nimo, ginugol ang dalawang linggo upang lubos na maunawaan ang mga matalinghagang salita. Isinagawa ito sa pamamagitan ng paulit-ulit na pagbabasa upang masuri nang mabuti ang nilalaman ng balak. Samantala, sa Kabilin, mas tumagal ang proseso ng pagsusuri nang mahigit isang buwan dahil sa haba ng balak at sa dami ng malalalim na salitang ginamit. Upang mas maunawaan ang mga ito, nagsagawa ng masusing pananaliksik ang mga mananaliksik gamit ang Internet upang makuha ang parsyal na kahulugan ng mga salitang hindi pamilyar. Bukod dito, humingi rin sila ng tulong mula sa mga nakatatanda, tulad ng kanilang mga lola at lolo, na may mas malawak na kaalaman sa ganitong uri ng wika. Ang kombinasyon ng mga impormasyong ito ay naging mahalaga upang makabuo ng tamang interpretasyon at masusing pagsusuri ng balak.

Upang masiguro ang baliditi ng pagsusuri, kumuha ang mga mananaliksik ng tatlong balideytor na may malawak na kaalaman sa panitikan, partikular sa literatura, dahil ito ang kanilang propesyon. Ang mga balideytor na ito ay nagbigay ng mahahalagang opinyon at mungkahi na nakatulong upang higit na mapabuti ang pag-aaral. Sa kabuuan ng proseso, napagtanto ng mga mananaliksik ang kahalagahan ng organisado at sistematikong pagsusuri ng balak gamit ang Reader's Response Theory. Sa pamamagitan ng teoryang ito, layunin ng mga mananaliksik na makabuo ng isang gabay na maaaring magsilbing tulong sa iba pang nais magsuri ng tula o balak gamit ang parehong pamamaraan.

Ang mga mananaliksik ay gumamit ng mga piling balak ni Noel P. Tuazon bilang instrumento ng pananaliksik. Ang krayterya sa pagpili ng mga balak ay naaayon sa pagkapanalo ng isang beses lamang sa bawat gawad-patimpalak na prestihiyoso sa kabila ng pagkakaroon niya ng maraming pagkapanalo. Sinuri ito batay sa mga tema, istilo, at kontemporanyong teoryang pampanitikan. Ginamit na basehan sa tema ang tekswal na analisis, habang ang istilo ay sinuri naman batay sa mga *linguistic devices* o mga tayutay. Samantala ang kontemporanyong teoryang pampanitikan ay sinuri gamit ang mga pamantayan sa mga panunuring pampanitikan. Makikita sa Talahanayan 1 ang mga impormasyon ng mga balak na sinuri batay sa sumusunod na krayterya.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 8| August 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1.**
**Mga Balak ni Noel P. Tuazon**

| Pamagat ng Balak | Parangal na Natanggap | Taon ng Pagkapanalo |
|---|---|---|
| Sugob sa Alimadmad-Pangaliyupo | Pangatlong premyo sa balak kategorya sa Gawad Buenvenido Lumbera *National Contest for Literary Arts* | 2022 |
| Sama Nimo | Unang premyo sa balak kategorya sa Bathalad-Cebu | 2012 |
| Kabilin | Unang premyo sa balak kategorya sa Lunsayng Bisaya | 2010 |

Saklaw ng pag-aaral na ito ang mga piling balak ni Noel P. Tuazon na kung saan ang pagsusuri ay ibinatay sa aplikasyon ng mga tema, istilo at teoryang pampanitikan na kaniyang ginamit sa pagbuo ng mga makabuluhang balak. Ang pagsusuri ay nakatuon sa teoryang Reader's Response, na nagbibigay-diin sa papel ng mananaliksik sa pagbibigay-kahulugan sa mga akda batay sa kanilang sariling karanasan, pananaw, at damdamin. Ang mga sumusunod na balak na napili ng mga mananaliksik ay mga nagwagi sa mga patimpalak na kanyang sinalihan. Ang tulang *Sugob sa Alimadmad-Pangaliyupo* ay ginawaran sa isang balak na kategorya noong 2022 sa Gawad Bienvenido Lumbera na kung saan nakakamit ng pangatlong premyo. Ang isa pa niyang tula ay ginawaran sa Bathalad-Cebu na ang pamagat ay *Sama Nimo* na kabilang din sa kategorya at umani sa unang premyo noong 2012. Samantala ang *Kabilin* ay nakakuha rin ng unang premyo sa balak kategorya noong 2010 sa Lunsayng Bisaya.

## MGA RESULTA NG PAG-AARAL

Sa pagsusuring ginawa sa mga piling balak ni Noel P. Tuazon, natuklasan ang mga sumusunod:
1. Sa balak na pinamagatang Sugub sa Alimadmad-Pangaliyupo ni Tuazon:
Para sa istilo, nakakitaan ito ng mga mananaliksik na gumamit ang makata ng simbolismo at talinghaga upang maipahayag ang malalim na damdamin at pananaw.

Para sa tema, nangingibabaw ang pagsasamo at pagbabago sa mga linya kung saan kakikitaan ito ng paglalarawan ng damdaming pigil o hindi mailabas, ngunit umaasa pa rin sa isang mas mataas na puwersa sa pamamagitan ng tahimilk na dasal o pagsamo.

Para sa kontemporanyong teoryang pampanitikan naman gumamit ang makata ng kontemporanyong teoryang pampanitikang Eksistensyalismo.

2. Ang balak na pinamagatang Sama Nimo ay gumamit ang may akda ng istilong liriko na naglalayong ipahayag ang mga damdamin at emosyon ng makata sa isang masining at masalimuot na paraan.

Para sa tema, namamayani ang temang ukol sa nostalhiya, pagbabago, at ang di-maiiwasang pagkawala ng koneksyon sa isang taong nawala o naglaho na lamang.

Sa kontemporanyong teoryang pampanitikan naman, nakikitaan ang kabuuan ng balak na sinulat ng makata na gumamit ng kontemporanyong teoryang pampanitikang Romantisismo

3. Sa balak ni Tuazon na pinamagatang *Kabilin*, gumamit ang makata ng istilong simbolismo at metapora upang mas maayos ang paglalahad ng ideya at mensahe sa mga mambabasa.

Para sa tema, lumutang ang temang kultural at tradisyon na alaala, pamana, at ang mga hamon ng makabagong panahon.
Para sa kontemporanyong teoryang pampanitikan naman gumamit ang may akda ng teoryang Postkolonyalismo at teoryang Eksistensyalismo.

## MGA TALAKAY

**Unang Balak: SUGOB SA ALIMADMAD-PANGALIYUPO**

**A. Istilo: Masining na Paggamit ng Simbolismo at Talinghaga**

Ang istilo ng makata sa pagsulat ng balak na ito ay nakikitaan ng isang masining na paggamit ng simbolismo at talinghaga bilang mga elemento ng tula upang maipahayag niya malalim na damdamin at pananaw. Sa mga salitang tulad ng *moapaw natong panghupaw* na sumisimbolo sa sukdulan ng damdamin at *mokatay ang mga pulong sa pangaliyupo* na nagpapahiwatig ng pagtindig ng mga panalangin malinaw ang masining na paglalarawan ng emosyon. Ang *tak-om ang mga ngabil* ay maaaring sumisimbolo ng pagtitimpi o pagiging maingat sa pagsasalita habang ang *kuyabog nga gihimugso sa ngiob nga kabhang* ay naglalaman ng ideya ng paglitaw ng liwanag mula sa isang mahirap na kalagayan. Ang kabuuan ng balak ay nagpapakita ng malalim na damdamin ng pag-asa, panalangin, at introspeksyon na nagmumula sa personal o kolektibong pakikibaka. Ang ganitong istilo ay nagpapakita ng mapanlikhang paggamit ng wika kung saan hindi lantaran ang mensahe kungdi ipinapahayag sa paraang masining upang hamunin ang mambabasa na magnilay at tuklasin ang mas malalim na kahulugan. Taglay nito ang diwa ng tradisyonal ng panulaang Pilipino, partikular sa konteksto ng mga balak na Cebuano.

Ang balak ay nagtataglay ng mga tayutay na nagpapalalim sa kahulugan ng bawat linya. Sa linyang *mokatay ang mga pulong sa pangaliyupo*, makikita ang personipikasyon dahil binibigyang-buhay ang mga salita na tila may kakayahang umakyat o dumaloy sa dasal. Sa *manugid kitang tak-om ang mga ngabil*, matatagpuan

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 8| August 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

ang ironiya dahil sinasabing magsasalita, ngunit ang mga labi ay tikom na naglalaman ng kabalintunaan sa kilos at diwa. Ang linyang *manugob kita sama sa usa ka kuyabog* ay gumagamit ng simile sa paghahambing ng kilos ng sama-samang paglalakbay sa isang kuyabog (agos ng tubig). Samantala, sa nga *gihibugso sa ngiob nga kabhang* may pagpapalit-wika kung saan ang isang bagay na abstrakto tulad ng ngiob (dilim) ay nagiging sanhi ng pagluwal na tila may kakayahang manganak tulad ng isang ina.

Pinapakita sa balak ang isang masalimuot na karanasan na may lalim ng damdamin at pagninilay. Ginagamit ang mga tayutay upang ipahayag ang koneksyon ng tao sa mga damdamin tulad ng pag-asa, pananampalataya, at pagsasama, na inilalarawan sa malikhaing paraan gamit ang kalikasan at mga simbolo.

**B. Tema**

Ang Talahanayan 2 ay nagpapakita ng kahinatnan ng ginawang pagsusuri kaugnay sa mga kontemporayong teoryang pampanitikan na ginamit sa balak ni Noel P. Tuazon na pinamagatang *Sugob sa Alimadmad-Pangaliyupo*. Ipinapakita rito ang mga sumusunod na saknong at ang temang ginamit sa kabuuan ng nasabing balak.

**Talahanayan 2.**
**Tema sa Balak ni Noel P. Tuazon na Pinamagatang *Sugob sa Alimadmad-Pangaliyupo***

| TEMA | |
|---|---|
| Saknong | Pagsamo at Pagbabago |

**Saknong**:

*diha sa moapaw natong panghupaw*
*mokatay ang mga pulong sa pangaliyupo*
*manugid kitang tak-om ang mga ngabil*
*manugob kita sama sa usa ka kuyabog*
*nga gihimugso sa ngiob nga kabhang*

Sa kabuuan, ang balak ay nagpapahiwatig ng pakikibaka para sa kalayaan mula sa mga puwersang pumipigil. Pinapakita nito ang tensyon sa pagitan ng pananahimik at pagsamo para sa pagbabago kung saan ang damdamin ng pagnanasa at pananabik ay umaapaw ngunit nananatiling kinikimkim. Isa itong talinghaga ng paghahanap ng lakas upang magbago at makalaya mula sa mga hadlang na may masigasig na determinasyon sa pagharap sa mga hamon lalo na sa gitna ng isang madilim na yugto ng buhay.

**Tema 1: Pagsamo at Pagbabago**

Ibinabahagi ng saknong na nasa itaas ang temang umiikot sa isang tahimik na pagsasamo o paghihingi ng tulong kasama ang isang malalim na pakiramdam ng pagkakubli at paglalakbay mula sa kadiliman patungo sa liwanag o paglaya. Ang mga taludtod ay naglalarawan ng mga damdaming pigil o hindi mailalabas ng makata. Ang salitang *manugob* sa wikang Cebuano o Bisaya ay nangangahulugang pagtakip sa ulo gamit ang tela o pagtakip sa katawan upang maprotektahan mula sa ulan, init, at iba pang elemento. Karaniwan itong ginagamit upang ilarawan ang kilos ng pagprotekta sa sarili gamit ang kumot, panyo, o anumang uri ng tela. Ang persona ng nasabing balak ay masigasig sa pagharap sa mga hamon sa isang madilim na yugto ng kanyang buhay ngunit umaasa pa rin sa isang mas mataas na puwersang tutulong sa kanya subalit makakamit lamang niya ito sa pamamagitan ng isang tahimik na dasal na nagsusumamo.

Para naman sa temang pagbabago, ipinapakita nito ang paglalakbay ng persona mula sa kadiliman patungo sa liwanag na sumisimbolo sa pag-asa at muling pagbangon mula sa isang mahirap na yugto ng buhay. Ang kanyang tahimik na pagsasamo na puno ng panalangin at pananampalataya ay nagpapakita ng paniniwalang ang pagbabago ay posible sa pamamagitan ng pagtitiis, pananalig, at pagtawag sa mas mataas na puwersa. Sa kabila ng mga pigil na damdamin at hamon nananatili siyang masigasig at puno ng pag-asa na nagpapahiwatig ng pagtanggap at paghahanap ng lakas upang magbago. Ang proseso ng pagbabago ay hindi lamang panlabas na pag-angat kundi pati panloob na paghilom at pag-unlad kung saan ang panalangin at pananampalataya ang nagsisilbing gabay upang makamtan ang tunay na pagbabago.

Mahihinuha ang mga ugnayan ng mga temang pagsasamo at pagbabago sa paraan na makikita ang persona na humihingi ng tulong at lakas sa pamamagitan ng tahimik na panalangin at pananampalataya. Ang pagsasamo bilang isang pagkilos sa pamamagitan ng paghingi ng tulong mula sa mas mataas na puwersa o mas makapangyarihan ay nagsisilbing daan upang malampasan ang mga hamon sa buhay at magbukas ng posibilidad para sa pagbabago. Ang tahimik na panalangin ay nagpapakita ng paniniwala na ang pagbabago bagamat mahirap ay makakamtan sa pamamagitan ng pagsuko sa mas mataas na kalooban at pananampalataya kaya't ang pagsasamo ay isang hakbang patungo sa panloob na paghilom at pagbabago.

**C. Kontemporanyong Teoryang Pampanitikan: Teoryang Eksistensyalismo**

Ang kabuuan ng balak na isinulat ng makata ay ginamitan ng kontemporanyong teoryang pampanitikang Eksistensyalismo. Ayon kay Diwan at Pandey (2019), ang eksistensyalismo ay mula sa isang pilosopikal na kilusan na may konseptong nagbibigay-diin sa indibidwal na pag-iral, kalayaan, at pagpili. Iginiit nito na ang mga indibidwal ay ganap na malaya at dapat kumuha ng personal na responsibilidad para sa kanilang mga aksyon at desisyon na lumilikha ng kanilang sariling kahulugan sa buhay. Kung kaya't angkop ang teoryang ito dahil ipinapakita rito ang mga taludtod na nagsasaad ng pakikibaka ng indibidwal sa harap ng kawalan o kadiliman, at ang pagnanais na makahanap ng kahulugan sa pamamagitan ng tahimik na pagsamo at paglaya mula sa limitasyon. Ang *tak-om na mga ngabil* na hindi gumagamit ng salita ay maaaring sumasalamin sa pagkapit ng tao sa sariling pag-iral sa kabila ng kawalan ng tiyak na tugon o

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 8| August 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

kasiguraduhan sa buhay. Sa pagsulat ng makata sa balak na ito namumutawi ang kalungkutan at pagdurusa. Subalit sa kabila ng pinakamadilim na bahagi ng kaniyang buhay, ang persona ay may kakayahang bumangon at lumikha ng sariling kahulugan. Kahit limitado sa pagsasalita, ipinakita pa rin ang sariling identidad, ang kakayahang magdesisyon at bumangon para sa sarili na siyang sentro ng kontemporanyong teoryang pampanitikang Eksistensyalismo.

**Ikalawang Balak: SAMA NIMO**

**A. Istilo: Pagpapahayag ng Madamdaming Liriko**

Ang balak na ito ay gumagamit ng istilong pagpapahayag ng madamdaming liriko na naglalayong ipahayag ang mga damdamin at emosyon ng makata sa isang masining at masalimuot na paraan. Ang istilong ito ay nagbibigay-diin sa mga personal na karanasan at alaala na tila naglalakbay sa mga nakaraang panahon. Ang mga simbolo, tulad ng *tabanog at ayroplanong papel* ay hindi lamang mga simpleng bagay kungdi nagsisilbing mga representasyon ng mga alaala at damdamin na nag-uugnay sa makata sa mga tao at karanasan sa kanyang buhay. Ang paggamit ng mga tanong sa balak ay nagdadala ng isang introspektibong tono na tila nakikipag-usap ang makata sa kanyang sarili at nag-uudyok sa mambabasa na mag-isip at magtanong tungkol sa kanilang sariling mga karanasan. Ang mga tanong ay nagbibigay ng pagkakataon sa mambabasa na makipag-ugnayan sa mga emosyon ng makata na nagiging dahilan upang mas mapalalim ang kanilang pag-unawa sa mga tema ng pag-ibig, pagkakaibigan, at pagninilay. Dagdag pa rito, ang istilong liriko ay hindi lamang naglalarawan ng mga damdamin kungdi nag-aanyaya rin sa mambabasa na makisangkot sa isang mas malalim na pagninilay sa kanilang sariling buhay. Ang masining na wika at simbolismo ay nagiging daan upang maipahayag ang mga kumplikadong emosyon na nag-iiwan ng malalim na epekto sa sinumang bumabasa. Ang balak ay tila isang paglalakbay sa mga alaala na nag-uudyok sa atin na suriin ang ating sariling mga karanasan at ang mga koneksyon natin sa mga mahal sa buhay.

**B. Tema**

Ang Talahanayan 3 ay nagpapakita ng kahinatnan ng ginawang pagsusuri kaugnay sa mga temang ginamit sa balak ni Noel P. Tuazon na pinamagatang *Sama Nimo*. Ipinapakita rito ang mga sumusunod na bilang ng saknong na siyang binibigyang pakahulugan at iniikutan ng temang napapaloob sa nasabing balak.

**Talahanayan 3.**
**Mga Tema sa Balak ni Noel P. Tuazon na Pinamagatang *Sama Nimo***

| Blg. | TEMA |
|---|---|
| 1 | Paggunita |
| 2 | Paggunita |
| 3 | Pagbabago ng Panahon at Alaala |
| 4 | Pagkalimot at Pagkabura ng Alaala |
| 5 | Takot sa Pagbabago at Pagkawala ng Pakakakilanlan |
| 6 | Pagnanais ng Ugnayan |
| 7 | Muling Pagkilala |
| 8 | Paglimot at Paglayo |
| 9 | Pangungulila |
| 10 | Pagkawala at Pagbabago |

**Saknong 1:**

*Sama nimo,*
*nagbubod na pod kog tugot sa tabanog,*
*naghubo nga nakipag-apsanay sa kalipayg katugnaw*
*ilawom sa linagasak sa uwan sa pagka bata,*
*hanas nga nagsag-u sa atong panaygon ug alibata.*

**Tema 1: Paggunita**

Ang saknong ay may temang paggunita na makikita sa pag-alala sa mga karanasan ng kabataan partikular ang masayang pakikipaglaro at pakikisalamuha sa kalikasan. Ang taludtod, *nagbubod na pod kog tugot sa tabanog*, ay nagpapakita ng muling pagsasariwa sa alaala ng paglalaro ng *saranggola* na simbolo ng kalayaan at kasiyahan noong kabataan. Ang mga taludtod na *naghubo nga nakipag-apsanay sa kalipayg katugnaw* at *ilawom sa linagasak sa uwan sa pagka bata,* ay nagbibigay-diin sa pakiramdam ng pagkakaisa sa kalikasan, at sa walang kamuwangan sa kasamaan ng mundo, tipikal na damdamin ng isang bata. Ang panaygon ay isang tradisyunal na awit na madalas ginagamit sa mga ritwal o pagdiriwang na nagpapakita ng malalim na koneksyon ng tao sa kanyang kultura at pamayanan. Sa konteksto ng saknong, ang panaygon ay nagiging simbolo ng buhay na nakaugat sa mga kaugalian at simpleng kasiyahan ng kabataan na nagiging bahagi ng mas malawak na tradisyunal na pamumuhay. Samantala, ang alibata na tumutukoy sa sinaunang alpabeto ng mga Pilipino ay isang simbolo ng ating kasaysayan at pagkakakilanlan. Sa saknong na ito, ang pagbanggit sa alibata ay tila nagbibigay-pugay sa nakaraan na nagiging tulay ng kasalukuyan sa tradisyong kinalakhan at pinagmulan. Ang mga taludtod na ito ay tila tumutukoy sa mga tradisyunal na aspeto ng kulturang kinalakhan na nagpapahiwatig ng paggunita hindi lamang sa personal na karanasan kung hindi pati na rin sa kultura at mga tradisyon. Ang buong saknong ay isang maselang pagsariwa sa mga simpleng kaligayahan at inosenteng karanasan ng kabataan na ngayon ay nagiging alaala na lamang.

**Saknong 2:**

*Nahibawo ko,*
*laming balik-balikog witik ang pangbato natong yoyo,*
*magtubig-tubig ilawom sa Buwan,*
*mohatom sa tanang syatog biko-biko nga,*
*sa pagkakaron, igo na lang natong handomon.*

**Tema 2: Paggunita**

Ang saknong ay may temang paggunita na malinaw na makikita sa paggamit ng mga larawang kumakatawan sa mga simpleng kasiyahan ng kabataan, tulad ng paglalaro ng yoyo at biko-biko. Sa saknong, ang *balik-balikog witik* at *pangbato natong yoyo* ay nagpapakita ng masayang alaala ng mga laruang naging bahagi ng buhay ng nagsasalita. Ang *magtubig-tubig ilawom sa Buwan* at *syatog biko-biko* ay nagbibigay ng romantisadong pagtingin sa mga nakaraan na tila nakabalot sa masayang kalungkutan ng mga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 8| August 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

bagay na hindi na muling mararanasan. Sa huling taludtod, ipinapahayag na ang mga karanasang ito ay *igo na lang natong handomo* na nagpapakita ng pagtatapos ng yugto ng buhay kung saan ang mga karanasan ay nananatili na lamang sa alaala. Ang tema ng paggunita ay binibigyang diin ng nostalhikong tono at damdaming tila hinahayaang balikan ang mga masasayang alaala ng kabataan.

**Saknong 3:**

*Motuo ba ka?*
*Ganina sa akong pagsuroy-suroy,*
*naghinagbo tang duha.*
*Ambot kon nakahinawong pa ba ka naho.*
*Otrohon sa katuigan ang hitsura,*
*bisan gani ang dilaab sa atong kalimutaw.*

**Tema 3: Pagbabago ng Panahon at Alaala**

Ang tema sa saknong na ito ay "Pagbabago ng Panahon at Alaala". Ito ay naglalaman ng konsepto ng paglipas ng panahon at kung paano ito nakakaapekto sa ating mga alaala at karanasan. Ang ideya ng muling pagkikita sa isang tao mula sa nakaraan ay nagpapakita ng pagbabago sa pisikal na anyo at emosyonal na koneksyon. Ang paglipas ng panahon ay maaaring magdulot ng pagbabago sa ating pananaw at damdamin ngunit ang mga alaala ay nananatiling bahagi ng ating pagkatao. Isipin mo kung paano ang mga alaala ay nagiging tulay sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan, at kung paano ito bumubuo ng ating pagkakakilanlan. Binibigyang-diin ang pagbabago sa pisikal at emosyonal na koneksyon sa pamamagitan ng pagtuklas muli sa isang tao mula sa nakaraan. Ang paglipas ng panahon ay nagdudulot ng pagbabago sa pananaw at damdamin ngunit ang mga alaala ay nananatiling bahagi ng pagkatao na nagiging tulay sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan upang bumuo ng ating pagkakakilanlan.

**Saknong 4:**

*Ug ang ngalan?*
*Masangit nga ayroplanong papel, lisod uyogon*
*ug dughiton, hangtod malanay kini*
*nigpangahagbong sa yamog ug kalimot.*

**Tema 4: Pagkalimot at Pagkabura ng Alaala**

Mahihinuha ang tema ng pagkalimot at pagkabura ng alaala sa pamamagitan ng paggamit ng mga metaporang *ayroplanong papel* at *yamog ug kalimot* na sumisimbolo sa mga bagay na marupok at madaling maglaho. Ang mga imaheng ito ay naglalarawan ng kahinaan ng mga alaala sa paglipas ng panahon na unti-unting naglalaho sa ating isipan. Ang saknong ay nag-aanyaya ng pagninilay sa transitoryo at mabilis na paglipas ng kalikasan ng mga alaala na nagiging paalala sa atin na pahalagahan ang mga ito habang sila ay naririto pa.

**Saknong 5:**

*Nagduha-duha ko*
*kon ikaw ba kadtong naglakaw sa akong panan-aw.*
*Nahadlok pod nga basig nasaypan lang*
*kay nausab na ang imong bayhon ug pameste.*
*Ug, tingali, apil na niini ang imong gidamgo.*

**Tema 5: Takot sa Pagbabago at Pagkawala ng Pagkakilanlan**

Ang saknong na ito ay naglalantad ng malalim na takot sa pagbabago at sa pagkawala ng pagkakilanlan, isang takot na nakaugat sa pagkakahiwalay ng loob at kaluluwa mula sa isang minamahal o kilalang tao. Ang *nagduha-duha ko* ay nagpapakita ng kalituhan, isang damdaming tila nanggagaling sa pagkakasilip sa isang taong dati ay kilala ngunit ngayo ay tila napakalayo at ibang-iba na. Ang taludtod na *nahadlok pod nga basig nasaypan lang* ay isang pag-aalinlangan, isang pangamba na baka nagkamali lang ang tumitingin o baka ito ay isang ilusyon na pinalala ng pagbabago ng panahon o damdamin. Ang mga salitang *nausab na ang imong bayhon ug pameste* ay masining na inilalarawan ang mga pisikal na pagbabago ngunit higit pa rito, may malalim na pahiwatig na ang mga pagbabago ay hindi lamang sa panlabas kungdi pati na sa diwa at mga pangarap ng tao—*tingali, apil na niini ang imong gidamgo*. Dito, naipapahayag ang takot na sa pagbabago ng panlabas na anyo at ugali maging ang kanilang mga pangarap at pagnanasa ay naglaho o nag-iba na rin, at kasama nito ang ugnayan na dati ay pinaglalapit sila.

**Saknong 6:**

*Tawgon unta tika.*
*Mohunong ta kadiyot taliwa sa nagdasok nga dalan:*
*magsuklianayg pangomosta,*
*maghunghonganay luyo sa gahob nga kalibotan,*
*magbinayloayg kahinangop ug pahiyom.*

**Tema 6: Pagnanais ng Ugnayan**

Ang tema ng saknong ay pagnanais ng ugnayan sapagkat isinasalaysay nito ang paghahangad ng isang indibidwal na huminto sandali sa gitna ng abalang mundo upang mag-alay ng pansin at damdamin sa isang kapwa. Sa bawat taludtod, tila ipinapahayag ang pangungulila sa isang uri ng ugnayan na lampas sa mga pangkaraniwang pag-uusap—isang tahimik at malalim na palitan ng mga damdamin na ipinapakita sa pamamagitan ng *pangomosta*, *kahinangop*, at pahiyom. Ang pagsasabi ng *Tawgon unta tika* ay tila isang masidhi at masuyong hiling—ang paghahangad na magbigay pansin sa isa't isa sa gitna ng kaguluhan isang paghinto sa oras upang magpakita ng pagpapahalaga. Ang paggamit ng mga salitang *maghunghonganay luyo sa gahob nga kalibotan* ay nagpapahiwatig ng masidhing paghahangad na maputol ang ingay ng mundo at magbuklod sa isang malalim na ugnayan na tila isang lihim na pag-uusap na tanging sila lamang ang nakakaalam. Ang *magbinayloayg kahinangop ug pahiyom* ay nagpapahiwatig ng isang dalisay at walang katumbas na pagpapahayag ng pagmamahal at pakikipagkaisa na mga simbolo ng kahulugan ng tunay na koneksyon.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 8| August 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Saknong 7:**

*Kon maglami ang atong estorya,*
*modalikyat tas kinaduowang restawran:*
*magtungab-tungab tag bugnawng beer,*
*kun mangaon ba kaha hinuon aron tubagon nato*
*ang takna sa mga pangutana:*
*Dapit nga gipuy-an? Ngalan sa naasawa?*
*Pilay mga anak? Asa nagtrabaho? Kun ulitawo pa ba?*

**Tema 7: Muling Pagkilala**

Sa saknong na ito, ang tema ay Muling Pagkilala sa pagnanais ng mga tauhan na makipag-ugnayan muli at alamin ang mga detalye ng isa't isa. Ang mga linya ay nagpapakita ng isang senaryo kung saan ang mga tauhan ay nagkakaroon ng pagkakataon na muling mag-usap at magbahagi ng kani-kanilang mga kwento sa buhay. Sa pamamagitan ng mga tanong tulad ng *Dapit nga gipuy-an?* at *Ngalan sa naasawa?* ipinapakita ang interes at pagnanais na makilala muli ang isa't isa sa mas malalim na antas. Ang tagpuan ng pagpunta sa isang *restawran* at pag-inom ng malamig na *beer* ay nagbibigay ng isang kaswal at relaks na kapaligiran na nag-uudyok sa isang bukas at tapat na pag-uusap. Ang ganitong tema ay naglalaman ng damdamin ng nostalhiya at pagkakaibigan na nagiging dahilan upang ang mga mambabasa ay magmuni-muni sa halaga ng mga relasyon at ang kahalagahan ng muling pagkilala sa mga taong minsang naging bahagi ng kanilang buhay.

**Saknong 8:**

*Apan kumpas*
*ang imong mga lakang nga way lingi-lingi sa naagian*
*kon duna ka bay gikasugat nga higala,*
*paryente, klasmeyt, kanhi hinigugma,*
*di malimtang dagway sa kaaway ug kaila nga sagad ikita.*

**Tema 8: Paglimot at Paglayo**

Ang saknong na ito ay naglalarawan ng tema ng paglimot at paglayo sa mga tao o sitwasyon na maaaring makapagpabalik ng mga alaala o damdamin. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga salitang tulad ng *kumpas* at *mga lakang,* ipinaabot ng may-akda ang mensahe na may mga pagkakataon sa buhay na kailangan nating umusad at iwasan ang mga bagay na magpapaalala sa atin ng nakaraan. Ang pagkakaroon ng mga *higala*, *paryente*, at iba pang tao na nagdudulot ng emosyonal na koneksyon ay maaaring magpabalik sa mga alaala ng mga masasakit o hindi kanais-nais na karanasan kaya naman ang pagbibigay-diin sa paglayo ay nagpapakita ng pangangailangan ng isang tao na protektahan ang sarili mula sa sakit ng nakaraan. Ang pagkilala sa mga kaaway o kakilala na madalas nating nakikita ay nagdaragdag sa pag-aalala na maaaring muling buksan ang mga sugat kaya ang pag-iwas sa kanila ay tila isang paraan ng pagprotekta sa sariling kapayapaan.

**Saknong 9:**

*Nakig-apsanay kaha*
*sa kaugalingon nimog tunob ug anino? Kun way kutas*
*ba nimong gihatom ang wa pa hidag-ing*
*syato sa pagduhiraw? Duna kahay nabugtong tabanog*
*nga, hangtod karon, wa pa maapsig makit-i?*
*Kun, di ba kaha, imong gisingabot*
*ang unang takdol sa Buwan ug pagduwa-duwa?*

**Tema 9: Pangungulila**

Sa saknong na ito mararamdaman natin ang pangungulila ng makata sa kadahilanang ito ay nakaugat sa mga tanong at pagninilay tungkol sa mga alaala at damdamin na hindi pa natutugunan. Ang mga linya ay tila naglalaman ng nostalhiya at pagninilay sa mga nakaraan tulad ng mga naunang karanasan at damdamin ng pagkakahiwalay. Ang mga simbolo ng *anino* at *tabanog* ay nagpapahiwatig ng mga bagay na naiiwan o hindi natutugunan na nagiging dahilan ng pangungulila. Ang saknong ring ito ay nagpapahayag ng pagnanais na muling maranasan ang mga nawalang bahagi ng sarili o ng nakaraan.

**Saknong 10:**

*Sa akong pagpamilok ug lihat nga paglingi,*
*wa na tika makita gawas sa usa ka batang nag-iyagak,*
*ang tudlo nagpunting sa halayo,*
*sa pungpong sa nagkadaiyang bulok sa balloon:*
*gilupad paingon sa panganod.*

**Tema 10: Pakawala at Pagbabago**

Ang nakikitang tema sa saknong na ito ay Pagkawala at Pagbabago. Sa linya *gilupad paingon sa panganod*, ang imahen ng mga lobo na unti-unting umaangat patungo sa kalangitan ay kumakatawan sa mga alaala, damdamin, o tao na hindi na maabot o kontrolado ng persona. Ang kanilang pag-angat ay nagpapakita ng unti-unting paglaya o pagbitaw mula sa nakaraan, isang proseso na hindi maiiwasan sa paglipas ng panahon. Ang *panganod* o kalangitan ay nagiging simbolo ng kawalang-katiyakan at kalayuan na nagpapahiwatig ng mga bagay na hindi na maaaring balikan. Masasabing ang saknong na ito ay nagpapakita ng natural na pag-usad ng buhay at ang pangangailangang tanggapin ang mga pagbabagong dulot ng pagkawala kabilang ang pagkawala ng kausap na nagdudulot ng kalungkutan ngunit nagbubukas din ng pagkakataon para sa pagtanggap at paghilom.

Sa kabuuan ng balak na pinamagatang *Sama Nimo* ni Noel Tuazon ay isang malalim at mapagnilay-nilay na akda na nag-aanyaya sa atin na pag-isipan ang masalimuot na ugnayan ng panahon, alaala, at pagkatao. Inilalarawan nito kung paano hinuhubog ng paglipas ng panahon ang ating mga buhay, relasyon, at sariling pagkakakilanlan. Isa itong maingat na paalala na bagama't mahalaga ang mga alaala bilang bahagi ng pagkatao kung saan ang mga ito ay marupok, madaling maglaho, at maaaring makalimutan.

Sa pamamagitan ng makataong pagninilay, hinihimok ng balak na balikan ang mga landas na tinahak katulad na lamang sa mga tagumpay at kabiguan, mga ugnayang nawala o nasira, at ang di-matitibag na pag-asa na muling matagpuan ang landas tungo sa kung ano ang tunay na mahalaga. Ang "Sama Nimo" ay hindi lamang kwento ng mga alaala kungdi isang paanyaya sa pag-

unawa at pagtanggap ng mga pagbabagong dulot ng panahon habang pinanghahawakan ang diwa ng pag-asa.

**Kabuuang Tema: Pagbabalik-tanaw sa nakaraan at ang hindi maiiwasang pagbabago ng panahon**
Ang kabuuang tema ng balak ay pagbabalik-tanaw sa nakaraan at ang hindi maiiwasang pagbabago ng panahon. Tinutukoy sa balak ang mga alaala ng kabataan, mga simpleng kasiyahan, at ang inosenteng kaligayahan sa paglalaro at pakikisalamuha. Gayunpaman, may halong lungkot at pagninilay sa mga pagbabago sa sarili, sa mga tao, at sa mundo sa paglipas ng panahon. Ang nostalhiya ay nangingibabaw, ngunit may pagsasakonteksto rin ng kawalang-katiyakan at takot na hindi na maibalik ang mga dating relasyon, pagkakataon, at damdamin. Ang balak ay isang pagninilay sa relasyon ng nakaraan, kasalukuyan, at ang epekto ng paglipas ng panahon sa ating alaala at pagkatao.

**C. Kontemporanyong Teoryang Pampanitikan: Teoryang Romantisismo**
Ang balak na ito ay sumasalamin sa teoryang Romantisismo dahil sa malinaw na pagpapahayag ng malalim na damdamin at emosyon, pati na rin ang pagbabalik sa mga alaala ng kabataan at ang koneksyon ng makata sa kalikasan. Sa mga linya tulad ng *nagbubod na pod kog tugot sa tabanog* at *laming balik-balikog witik ang pangbato natong yoyo*, makikita ang tema ng nostalhiko, kung saan ang mga simpleng bagay tulad ng saranggola at yoyo ay nagiging simbolo ng mga kasiyahan noong kanilang kabataan. Ayon kay Somers (2024), ang teoryang romantisismo ay hindi direktang nagmula sa konsepto ng pag-ibig, kungdi mas nakatuon ito sa emosyong panloob na buhay ng manunulat at madalas gumamit ng mga karanasang pansarili bilang inspirasyon o balangkas para sa mga likha na naiiba sa tradisyunal na panitikan noong panahong sinauna. Ito ay karaniwan sa Romantisismo, kung saan ang mga alaala ng nakaraan ay binibigyang-diin bilang isang mahalagang bahagi ng karanasan ng tao.

Ang malalim na ugnayan sa kalikasan ay makikita rin sa linya *magtubig-tubig ilawom sa Buwan*, kung saan ang Buwan ay nagiging simbolo ng misteryo at damdamin na nagpapahayag ng personal na introspeksyon. Bukod dito, ang mga emosyonal na paghahanap sa mga hindi natupad na pangarap ay malinaw sa mga linyang *hangtod malanay kini inigpangahagbong sa yamog ug kalimot*, na nagpapakita ng transisyon mula sa kaligayahan patungo sa kalungkutan at paglimot. Ang *ayroplanong papel* bilang simbolo ng mga pangarap na mahirap abutin ay nagbibigay ng pakiramdam ng hindi natupad na mga inaasam, na isang pangunahing tema sa mga romantikong balak kung kaya't ang balak na ito ay gumagamit ng mga simbolismo at imahe upang ipahayag ang emosyonal na lalim ng tao na siyang sentro ng teoryang Romantisismo.

**Ikatlong Balak: KABILIN**
**A. Istilo: Simbolismo at Metapora**
Ang balak na pinamagatang *Kabilin*, makikita na gumamit ang makata ng istilong simbolismo at metapora. Ang salitang *Kabilin* sa pamagat ng akda ay isang malalim na simbolo ng mga aral at tradisyon na ipinasusunod sa mga susunod na henerasyon. Ang balak ni Tuazon ay may layuning ipahayag ang kahalagahan ng pagpapahalaga sa mga nakaraan at ang kaugnayan nito sa kasalukuyang kalagayan ng kulturang Pilipino. Malaking bahagi ng istilo ni Tuazon ang paggamit ng mga simbolo at metapora upang maghatid ng mga ideya at mensahe. Ang mga simbolo ng kalikasan, mga alaala ng nakaraan, at mga buhay na tradisyon ay ginamit upang tuklasin ang relasyon ng Pilipino sa kanyang kultura at kasaysayan. Ang bawat simbolo ay may malalim na kahulugan na nagbibigay daan sa mga mambabasa upang muling pagnilayan ang ugnayan ng Pilipino sa kanilang nakaraan. Ang kanyang pagsusulat ay hindi lamang naglalaman ng mga kwento ng nakaraan kungdi nagtutulungan ang bawat bahagi ng akda upang magbigay ng malalim na pag-unawa sa halaga ng mga pamana at ang kanilang ugnayan sa kasalukuyan at hinaharap ng mga Pilipino. Sa paraan naman ng kanyang pagsulat, mapapansin ang mga malalaking espasyo sa mga taludtod na maaaring nagpapahiwatig ng mga yugto ng pagninilay at pagtanggap sa mga pagbabagong dulot ng kolonyalismo at modernisasyon. Ang espasyo sa pagitan ng mga linya ay nagsisilbing *pausing point* o sandali ng pag-iisip, na nagbibigay ng pagkakataon sa mambabasa na magmuni-muni sa kahulugan ng bawat taludtod at sa kabuuang mensahe ng saknong. Ang paggamit ng mga espasyo ay nagpapalalim sa interpretasyon at pag-unawa sa mga pagbabagong kinahaharap ng lipunan.

**B. Tema**
Ang Talahanayan 4 ay naglalahad ng mga ginawang pagsusuri kaugnay sa mga tema na ginamit sa balak ni Noel P. Tuazon na pinamagatang *Kabilin*. Ipinapakita dito ang mga sumusunod na bilang ng saknong at kaugnay na tema nito na napapaloob sa nasabing balak.

**Talahanayan 4.**
**Mga Tema sa Balak ni Noel P. Tuazon na Pinamagatang *Kabilin***

| Blg. | TEMA |
|---|---|
| 1 | Misteryo at Muling Paggunita |
| 2 | Pag-alaala sa Kasaysayan at mga Pagbabago sa Lipunan |
| 3 | Pagpapanatili ng mga Tradisyon at Pamahiin sa Makabagong Panahon |
| 4 | Takot sa Pagharap ng Panganib |
| 5 | Pagsusumikap at Pag-asa |

| | |
|---|---|
| 6 | Pangarap at Paglalakbay |
| 7 | Pagsubok at Pagkatalo |
| 8 | Paglimot at Pagpapahalaga sa mga Bagay |
| 9 | Pagbabago ng Kultura at Tradisyon |
| 10 | Pagsasalin at Pagbabago |
| 11 | Pagkawala |
| 12 | Pagkawala ng Imahinasyon |
| 13 | Pagtalikod sa mga Tradisyunal na Kasanayan |
| 14 | Pagkawala ng Orihinal na Kasiyahan |
| 15 | Paglimot |
| 16 | Pagninilay at Pagbabalik |

**Saknong 1:**

*Matag tuktok nato sa pultahan,*
*nahibawo kita nga giapil pod natog kuot*
*ang damgo sa mga nahinanok sulod niini.*
*Gitugaw usab nato ang mga nagtukaw:*
*mahipugwat ang mga tiking naglambikis*
*sa kisame diin atong gibitay ang dagon;*
*maukay ang nagtagong ilaga sa karaang*
*kaban diin gitipigan nato ang mga barahag*
*libreto sa mga sukdan ug tambalan;*
*mahikurat ang nagtungok nga aninos aparador*
*diin gitakod nato ang usa ka dakong samin:*
*nag-utlan sa mga katuohan ug di katuohan,*
*nagdugtong sa mga kutay sa lawayng*
*hinimos mga kaka sa atong pangandoy,*
*nagtipig sa mga hinikling dalang gisubay*
*sa mga hulmigas, kabog ug duwende;*
*ug manghuy-ab ang wugwog ug bakunawa.*

**Tema 1: Misteryo at Muling Paggunita**

Ang tema ng saknong na ito ay umiikot sa misteryo at muling paggunita. Ang bawat linya ay nagbubukas ng pinto ng nakaraan kung saan muling sumisibol ang mga alaala at pangarap na tila natutulog o nakakalimutan. Sa unang bahagi ng saknong, binibigyang-diin ang damdamin ng pagbabalik sa mga nakalipas na karanasan, gamit ang imahen ng mga *tiki* o *butiki* na nagkukubli sa kisame na para bang simbolo ng mga nanahimik na bagay na nagtatago at kumakapit ngunit muling naaalala ang nasabing damdamin. Ang *dagon* na nakabitin sa kisame ay sumisimbolo sa isang malalim na alaala o damdaming hindi madaling pakawalan sapagkat dahil may dala itong swerte ngunit nagtataglay din ng responsibilidad. Sa pag-usad ng saknong, ginagamit ang mga imahen ng mga lumang bagay tulad ng mga *libreto* ng tradisyunal na kaalaman na ngayon ay naaalala muli. Ang mga *anino* at salamin sa aparador ay nagpapakita ng pakikipagtagpo ng persona sa kanyang mga dating paniniwala at alaala kasabay ng takot at pagdududa na maaaring dala nito. Ang mga sapot ng gagamba ay sumasagisag sa mga alaalang nakaimbak at ngayon ay muling hinaharap. Sa huling bahagi, ang mga nilalang ng alamat tulad ng *wugwog* at *bakunawa* ay nagising mula sa kanilang pagkakahimbing na sumasalamin sa muling paglitaw ng mga takot at misteryo ng nakaraan. Masasabing ipinapakita ng saknong na ito ang paghaharap ng persona sa kanyang nakaraan—isang mundo ng alaala at misteryo na unti-unting muling binubuksan, kinikilala, at inaalala.

**Saknong 2:**

*Matag lubag nato sa siradoras pagkaplag*
*gilakip usab natog dughit sa panganod*
*ang mga ngalang gianod sa sulog ug balod:*
*Maria Cacao sakay sa iyang barkong*
*bulawan nga nagtakoban sa langob sa Lantoy,*
*Dagohoy kansang sundang gihunghong*
*sa budyong nga nakapaukay sa mga prayleg*
*piratang gilantaw tumoy sa gipanglumotan*
*nang balwarte sa atong lapyahan*
*nga gitukoran na karog videoke bar, spa*
*ug cottages sa pakaron-ingnog pamurikat;*
*Pedro Calungsod sa balabag sa Kuros Dako*
*nga nadakin-as lamang sa kada tutunlan*
*sa mga himantayog buyagan sa tubaan;*
*Tamblot nga nag-ugom sa gahom ug balak:*
*gitagik sa laag nga puti ug itom nga kabilaw,*
*giuwang sa sigbin ug saag nga tambaluslos.*

**Tema 2: Pag-alaala sa Kasaysayan at mga Pagbabago sa Lipunan**

Ang saknong ay may temang pag-aalala sa kasaysayan at mga pagbabago sa lipunan. Ipinapakita ng bawat linya ang malalim na koneksyon ng persona sa mga makasaysayang pigura at alamat sa kanilang kultura tulad nina *Maria Cacao, Dagohoy, Pedro Calungsod, at Tamblot*, na kinakatawan ang kanilang mga sakripisyo, pakikibaka, at kahalagahan sa lipunang kanilang ginagalawan noon. Sa unang bahagi, binabanggit si *Maria Cacao* na sakay ng kanyang barkong bulawan na sumisimbolo ng isang alamat o paniniwalang nabubuhay pa rin sa mga tao ngunit hindi na masyadong pinapansin dahil sa mga pagbabago sa lipunan. Ang tema ng pagbabagong panlipunan ay higit pang naipapakita sa mga linyang nagsasabing ang dating mga lugar na may makasaysayang kahulugan tulad ng mga *balwarte* at pook ng pakikibaka ay ngayon napalitan na ng mga modernong establisyementong komersyal gaya ng *videoke bars, spa, at cottages*. Ipinapakita nito ang kontradiksyon sa pagitan ng sinaunang kasaysayan at tradisyon, at ang modernisasyon na tila nagbabalewala o nagtataboy sa mga

makasaysayang alaala. Si *Pedro Calungsod*, isang martir ay ipinapakita bilang isang alaala lamang na nalimutan sa gitna ng ingay ng mga sabungan at inuman, isang patunay ng pag-iiba ng mga pinapahalagahan ng lipunan ngayon. Samantala, si *Tamblot* isang lider ng kilusang panrelihiyon ay tila nasadlak sa kapangyarihang nawala at itinangay ng mga malalakas na puwersa ng modernisasyon, simbolismo ng *puti* at *itim na kabilaw*, *sigbin*, at *tambaluslos* na mga nilalang sa alamat na sumisimbolo ng kaguluhan at pagkasira. Kung kaya't ang saknong na ito ay nagpapahayag ng pagkawala ng tradisyonal na kahalagahan at ang pagsasakripisyo ng mga dating bayani at alamat sa harap ng pag-usbong ng makabagong pamumuhay at komersyalismo.

**Saknong 3:**

*Kon atong padayonon ang litaniyas mga ngalan,*
*gahom ug kahibulongan, mahidagsa kita*
*sa kinadul-ang piliw sa gipang-iliw natong*
*kabilin o, di ba kaha, gustong kalimtan apan*
*namilit na sa bagulbagol nga handomanan.*
*Gidagsa sa hunasan ang nasunog nga anino*
*sa rebulto ug mikagiw ang mga anito.*
*Nanghupaw ang kataw dihang nanurok*
*sa isla ang mga higanteng katedral human*
*nagtagayg dugog dugos si Legaspi ug Sikatuna.*
*Gipatikag bendita ang agtang ni Humabon*
*ug gipanglugos ang mga diwatang naghamlis*
*nagkadaiyang takdol sa Kahilyawan*
*maong giwarawara ang kampilan ni Lapulapu.*
*Halok ang bugtong sumpa sa gaba kon*
*mahagbong ang ubi sa Bo-ol. Ug hangtod karon,*
*padayon gihapon ang ilad sa mga lumad.*
*Kay kinahanglan pa ba natong balihon ang senina*
*kon ugaling gilalo kita sa way dagway nga mino?*
*O itunob ang duha ka lapalapa sa abo*
*kon gilipat kita sa nagpangidhat nga kilat?*
*O mag-ihaw ug sabligag dugo sa ugis ang agtang*
*kon giilad kita sa mga gituohang tilimad-on?*
*O manguros kitag agiw inigsulod sa balay*
*kon tibuok adlaw kitang nagtong-its sa haya?*
*O magpalinag kamangyan nga gisagolag*
*itlog sa tapaytapay, amorsiko, salag*
*sa tamsi aron suwertehon sa negosyo?*
*O magdagkot og kandelang itungtong*
*sa bentana kon mohagtok ang Biyernes*
*nga mahiatol sa petsa trese sa kalendaryo?*
*O mag-andam og dose ka nagkalainlaing*
*prutas, pabuthag super lolo ang mga demonyo*
*kon molibkas nang orasan sa bag-ong siglo?*

**Tema 3: Pagpapanatili ng mga Tradisyon at Pamahiin sa Panibagong Panahon**

Ang tema ng saknong na ito ay pagpapanatili ng mga tradisyon at pamahiin sa makabagong panahon. Ang mga linyang tumutukoy sa *litaniya ng mga ngalan, gahom ug kahibulongan* ay nagpapakita ng kolektibong alaala ng mga makasaysayang pangyayari at tradisyon, mga pamahiin, at paniniwala na minana mula sa mga ninuno, at patuloy na isinasabuhay sa kasalukuyan.

Ang pagbanggit sa mga pangalan ng mga makasaysayang tauhan tulad nina *Legaspi*, *Sikatuna*, *Humabon*, at *Lapulapu* kasama ang mga simbolo ng relihiyon at alamat ay nagpapahiwatig ng malalim na pagtingin sa ugnayan ng kasaysayan at espiritwalidad. Ang saknong ay puno ng mga talinghaga na nagpapakita ng pagbabalik-tanaw sa mga tradisyong minana tulad ng ritwal na pagpapahid ng dugo sa noo, pag-aalay ng mga kandila, at paniniwala sa mga pamahiin gaya ng swerte sa negosyo at kaligtasan mula sa demonyo.

Sa kabilang banda, ipinapakita rin ang kabalintunaan ng mga paniniwalang ito sa makabagong panahon na patuloy na ginagawa ng mga tao ang mga ritwal at pamahiin kahit wala na silang tiwala o hindi na ito naaayon sa modernong mundo. Ang paggamit ng mga talinghagang tulad ng *nagkadaiyang takdol sa Kahilyawan* at *kampilan ni Lapulapu* ay nagpapakita ng tunggalian sa pagitan ng tradisyonal at modernong impluwensya. Ang paghahalo ng relihiyon, mga ritwal, at pamahiin sa pang-araw-araw na buhay ay isang malinaw na pag-amin ng persona sa pagpapatuloy ng kulturang ito sa gitna ng modernisasyon.

Ang huling bahagi ng saknong ay nagpapakita ng mga praktikal na pagsasanay na kaugnay ng pamahiin, tulad ng pag-aalay ng iba't ibang prutas tuwing Bagong Taon, na isang simbolo ng pagsisikap ng mga tao na panatilihin ang kanilang swerte at kapalaran. Sa buong saknong ipinapakita ang tema ng pagpapatuloy ng mga nakaugat na tradisyon at pamahiin na tila naging bahagi na ng kulturang Pilipino. Sa kabila ng pagbabago ng panahon at pag-usbong ng modernong pananaw ang mga pamahiin at paniniwala ay patuloy na ipinapasa mula sa henerasyon patungo sa susunod na nagiging bahagi ng kasaysayan at kasalukuyan, at bumubuo ng isang mahalagang aspeto ng pagkakakilanlan ng mga tao.

**Saknong 4:**

*Giukoy nas mga bakukang ang giilok natong*
*kahadlok inigdaitol sa atong lakang sulod*
*sa lawak o lasang sa mga bathala.*
*Gidupa na sa mga tangang puwag ikog*

**Tema 4: Takot sa Pagharap ng Panganib**

Ang tema ng saknong na ito ay takot sa pagharap ng panganib. Ipinapakita ng makata ang isang karanasan ng paglalakbay o pagpasok sa isang lugar na puno ng misteryo at panganib na kinakatawan ng *lawak o lasang sa mga bathala*. Ang mga salitang *giukoy nas mga bakukang* at *giilok natong kahadlok* ay nagpapakita ng isang takot o pangamba na nararamdaman habang naglalakad sa isang landasin na hindi tiyak at puno ng mga pagsubok. Ang *gidupa na sa* mga *tangang puwag ikog* ay maaaring magpahiwatig ng isang pagtatangkang sumubok o magtagumpay sa gitna ng hindi tiyak na sitwasyon kahit pa may

mga hadlang o pag-aalinlangan. Ang saknong ay naglalarawan ng pakiramdam ng pagiging maliit o takot ng isang tao sa harap ng mga di-kilalang hamon na maaaring magbanta sa kanyang kaligtasan o pagkatao.

**Saknong 5:**

*ang utlanan sa milagrog garbo lakip na*
*ang pangagho ni Madya-as ug tuaw ni Kulas*
*Kusgan ngadto sa layong Kanlaon.*
*Padayong gipas-an ni Dangaway ang kahayag*

**Tema 5: Pagsusumikap at Pag-asa**

Ang tema ng saknong na ito ay pagsusumikap at pag-asa sa kabila ng mga hamon. Ang *utlanan sa milagrog garbo* ay nagsasaad ng mga pangarap na natamo sa pamamagitan ng sakripisyo. Ang mga tauhang sina *Madya-as* at *Kulas* mula sa epiko ng Panay na Hinilawod ay sumasalamin sa lakas at katatagan na kinakailangan upang malampasan ang mga pagsubok. Samantalang, si *Dangaway* ng epikong Si Labaw Donggon na *gipas-an ang kahayag* na makikita sa epiko ng lumad sa Mindanao ay naglalarawan ng pag-asa at determinasyon na magdala ng liwanag sa madilim na landas. Kung kaya't ang saknong ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagtitiis at pananampalataya sa sarili sa pag-abot ng mga layunin.

**Saknong 6:**

*nga modan-ag unya sa atong kalimutaw*
*kon mosangko na kita sa paglatagaw*
*kay kanunay man gyod natong dangawon*
*ang gilay-on sa damgo ug gipaugdaw*

**Tema 6: Pangarap at Paglalakbay**

Ang temang Pangarap at Paglalakbay ay nakikita sa saknong na ito kung saan ang makata ay naglalarawan ng masidhing pagnanais na abutin ang mga pangarap sa kabila ng mga hamon na dala ng buhay. Ang pagsusumikap na magpatuloy sa paglalakbay ay tila isang simbolo ng pag-asa at determinasyon na nagmumungkahi na ang liwanag na nagmumula sa mga pangarap ay laging nandiyan na nagbibigay ng gabay at inspirasyon. Sa kabila ng mga distansya at balakid na dapat pagdaanan ang pagkakaroon ng malinaw na layunin ay nagiging dahilan upang hindi sumuko. Ang saknong ding ito ay isang makapangyarihang mensahe tungkol sa kahalagahan ng paglalakbay sa pagtupad ng mga pangarap na patuloy na nagtutulak sa tao upang lumaban at mangarap.

**Saknong 7:**

*sa kalayo ni Guguran ang Sumpoy*
*o Suinuron natong kasilag kon mapakyas:*
*nasayod niana si Alunsina, bisan gani*
*ng mga engkantog ada sa Corella.*

**Tema 7: Pagsubok at Pagkatalo**

Ang tema na ginamit ng makata sa saknong na ito ay pagsubok at pagkatalo. Ipinapakita ng linya na *sa kalayo ni Guguran ang Sumpoy* ang mga hamon na kinahaharap ng mga tauhan kung saan ang *Guguran* at *Sumpoy* ay naglalarawan ng mga pagsubok na nagmumula sa mga natural na puwersa o sitwasyon. Ang *Suinuron natong kasilag kon mapakyas* ay nagpapahiwatig na may panganib o takot na maaaring idulot ng pagkatalo ngunit ito rin ay naglalaman ng pag-amin sa posibilidad ng pagkasawi o pagkakamali. Ang pagbanggit kay *Alunsina* ay nagpapahiwatig na siya ay may kaalaman at kamalayan sa mga ganitong sitwasyon na tila nag-aalok ng pag-asa na sa kabila ng mga hamon na mayroong mga aral na matutunan.

**Saknong 8:**

*Inigpunit nato*
*sa mangatagak nga mga dagon,*
*giapil pod natog hakgom ang inayran*
*ug sagad nakalimtan kay gipalabi*
*ang matilapan, masimhot, madungog,*
*mahanduraw ug mahapyod.*

**Tema 8: Paglimot at Pagpapahalaga sa mga Bagay**

Ang tema ng saknong na ito ay tila umiikot sa konsepto ng paglimot at pagpapahalaga sa mga bagay na madalas ay hindi napapansin o binibigyang halaga sa ating pang-araw-araw na buhay. Ang makata ay naglalayong ipakita ang pagkakaiba ng mga bagay na ating pinapansin at ang mga bagay na madalas nating binabalewala tulad ng mga dahon na nalalaglag at mga alaala na hindi na natin gaanong naaalala dahil mas pinapaboran natin ang mga bagay na mas madaling makita, marinig, o maramdaman. Isang kawili-wiling aspeto ng saknong na ito ay ang paggamit ng espasyo sa unang taludtod. Ang espasyo ay maaaring sumisimbolo sa puwang o agwat sa pagitan ng ating mga alaala at sa mga bagay na kasalukuyan nating pinapahalagahan. Ipinahiwatig ng saknong na ito ang pag-aanyaya na magnilay-nilay at pag-isipan ang mga bagay na madalas hindi napapansin ngunit may malalim na kahulugan at halaga sa ating buhay.

**Saknong 9:**

*Sama pananglit*
*sa asoy sa ihalas nga suhong ilawom*
*sa mga libgos ug uhong nga karon*
*giilisan nag MP3, MTV ug youtube*
*ang Dandansoy sa ilang hudyaka*
*nalanay ang higyaw ni Kanaway.*

**Tema 9: Pagbabago ng Kultura at Tradisyon**

Ang tema ng saknong na ito ay tungkol sa pagbabago ng kultura at tradisyon sa paglipas ng panahon. Ang makata ay naglalarawan ng isang sitwasyon kung saan ang mga tradisyunal na anyo ng sining at aliwan tulad ng mga kwento at musika ng nakaraan ay napalitan ng mga modernong teknolohiya at *media* tulad ng *MP3*, *MTV*, at *YouTube*. Ang pagbanggit sa *Dandansoy* at *higyaw ni Kanaway* ay nagpapakita ng mga elemento ng kulturang lokal na mga awiting-bayan na unti-unting nawawala o nalilimutan dahil sa

pag-usbong ng mga bagong anyo ng libangan. Ang espasyo sa unang taludtod ay maaaring nagsisilbing simbolo ng distansya o puwang sa pagitan ng nakaraan at kasalukuyan. Ang kabuuan ng saknong ay nag-uudyok na pag-isipan ang epekto ng modernisasyon sa mga tradisyon at kung paano natin mapapanatili ang ating kultura sa gitna ng pagbabago. Isang kapansin-pansin na aspeto ng saknong ay kung paano nito ipinapakita ang pag-aangkop ng mga tao sa mga bagong anyo ng teknolohiya habang unti-unting nalilimutan ang mga tradisyunal na kasanayan at alaala.

**Saknong 10:**

*Gihubad na karon*
*ang kalami sa aninikad, kinampay*
*ug balanghoy ngadto sa dayong*
*dila nga dunay gitaghoyng recipe,*
*gilanlan nga teyorya, panukiduki*
*sa alingagngag ug menu sa timpla.*

**Tema 10: Pagsasalin at Pagbabago**

Ang tema ng saknong na ito ay umiikot sa konsepto ng pagsasalin at pagbabago ng mga tradisyunal na pagkain at kasanayan sa mas modernong konteksto. Ang makata ay naglalarawan kung paano ang mga lokal na pagkain tulad ng *aninikad*, *kinampay*, at *balanghoy* ay isinasalin o binabago upang umangkop sa mga bagong panlasa at pamamaraan sa pagluluto. Ang paggamit ng mga salitang tulad ng *recipe*, *teyorya*, at *panukiduki* ay nagpapahiwatig ng isang mas sistematikong at intelektwal na paglapit sa mga tradisyunal na kasanayan sa pagluluto. Ang espasyo sa unang taludtod ay maaaring sumisimbolo sa puwang o agwat sa pagitan ng tradisyonal at modernong pamamaraan. Ang kabuuan ng saknong ay nag-aanyaya sa atin na pag-isipan kung paano natin pinapahalagahan at iniangkop ang ating mga tradisyon sa harap ng pagbabago. Isang nakakaintrigang aspeto ng saknong ay kung paano nito ipinapakita ang pagsasanib ng tradisyon at modernidad, at kung paano ang mga sinaunang kasanayan ay maaaring magpatuloy sa pamamagitan ng pagbabago at pag-aangkop sa kasalukuyang panahon.

**Saknong 11:**

*Nangapuwak na*
*ang alimyon sa ilang-ilang ngadtos*
*kinahiladmang garapang gihapnig*
*sa mga dagkong mall imbes*
*kurawon kining dugos sa nagbukal*
*nga kawa sa mga meriko sa langob.*

**Tema 11: Pagkawala**

Ang tema ng saknong na ito ay umiikot sa konsepto ng pagkawala ng natural na kagandahan at tradisyonal na karanasan sa harap ng urbanisasyon at modernisasyon. Ang makata ay naglalarawan ng isang sitwasyon kung saan ang natural na bango ng ilang-ilang at ang karanasan ng pagkuha ng pulot mula sa mga kuweba ay napalitan ng mga artipisyal na karanasan sa mga malalaking mall, tulad ng paggamit ng sintetikong pabango at pagkain ng *processed honey* na mabibili sa mga tindahan. Ang saknong ay nagpapakita ng kontrast sa pagitan ng likas na kagandahan at ng komersyal na kapaligiran na dala ng modernong pamumuhay at nagbibigay-diin sa halaga ng pagpapanatili ng ating likas na yaman at tradisyonal na kasanayan sa gitna ng patuloy na pagbabago sa ating lipunan.

**Saknong 12:**

*Di na molabtik*
*ang hapuhap sa imahinasyong*
*nagluklok sa librog tanghaga*
*kay gadaylang na man sa atong*
*kalimutaw ang bulok ug eskrima*
*sa gilantaw natong hilas nga lilas.*

**Tema 12: Pagkawala ng Imahinasyon**

Ang tema ng saknong na ito ay umiikot sa konsepto ng pagkawala ng imahinasyon at pagkamalikhain sa harap ng mga mapanlinlang at mababaw na anyo ng libangan at impormasyon. Ang makata ay naglalarawan ng isang sitwasyon kung saan ang dating masiglang imahinasyon at pagkamalikhain na nakaugat sa mga aklat at kwento ay hindi na gaanong napapansin o nabibigyang halaga. Sa halip, ang ating mga mata ay nahuhumaling sa mga bagay na mababaw at mapanlinlang na nagmumula sa mga modernong anyo ng libangan na kadalasang walang lalim o sustansya. Ito ay nag-aanyaya sa atin na pag-isipan ang epekto ng modernong teknolohiya at *media* sa ating kakayahang mag-isip nang malalim at malikhaing. Isang nakakaintrigang aspeto ng saknong ay kung paano nito inilalarawan ang pag-aalis ng mga makabuluhang karanasan sa pabor ng mga panandaliang aliw at mababaw na kasiyahan. Ang saknong ay nagbibigay-diin sa halaga ng pagpapanatili ng ating kakayahang mag-isip nang malikhain at kritikal sa kabila ng mga distraksyong dulot ng modernong mundo.

**Saknong 13:**

*Atong gisalikway*
*ang mga lansiyang sa ilang dasok*
*nga punsisok batog sa mga sangas*
*akasya ug lukay sa lubi kay*
*nalingla kitas pamiga ug pangigat*
*sa friendster, facebook ug chatroom.*

**Tema 13: Pagtalikod sa mga Tradisyunal na Kasanayan**

Ang tema na ginamit ng makata sa saknong na ito ay umiikot sa konsepto ng pagtalikod sa mga tradisyonal na kasanayan at koneksyon sa kalikasan dahil sa pag-usbong ng mga social media platforms at virtual na pakikipag-ugnayan. Ang makata ay nagbibigay ng literal na halimbawa sa pamamagitan ng paglalarawan ng isang sitwasyon kung saan ang mga tradisyonal na gawain, tulad ng paggamit ng mga materyales mula sa kalikasan tulad ng akasya at lukay ng lubi, ay napapabayaan at pinalitan ng atensyon ng mga tao na nakatuon sa mga virtual na koneksyon at pakikipag-ugnayan sa mga platform tulad ng Friendster, Facebook, at chatroom. Ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 8| August 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

saknong ay nagbibigay-diin sa halaga ng pagpapanatili ng ating mga tradisyonal na kasanayan at koneksyon sa kapwa at sa kalikasan sa kabila ng mga distraksyong dulot ng makabagong teknolohiya at social media.

**Saknong 14:**

Wa nay lumay
ang lunok sa nahibilin tang bahakhak
kon awkon sa mga buwakaw
ang gabii sa nag-anagong anino
tungod kay giligaw na man ang atong
kahingawa sa Hollywood ug soap opera.

**Tema 14: Pagkawala ng Orihinal na Kasiyahan**
Ang ginamit na tema ng makata sa saknong na ito ay pagkawala ng orihinal na kasiyahan at kahulugan sa ating mga tradisyonal na karanasan dahil sa impluwensya ng mga banyagang *media* at aliwan. Ang makata ay naglalarawan ng isang sitwasyon kung saan ang dating masiglang pagtawa at kasiyahan ay nawalan na ng bisa at halaga. Ang mga gabi na dati ay puno ng mga lokal na kwento at karanasan ay napalitan ng mga banyagang impluwensya mula sa *Hollywood* at *soap opera* na umaagaw ng atensyon at interes ng mga mambabasa. Ang espasyo sa unang taludtod ay maaaring sumisimbolo sa puwang o kawalan ng koneksyon sa pagitan ng ating mga dating kasiyahan at ng mga bagong anyo ng libangan na kadalasang banyaga at hindi bahagi ng ating kultura.

**Saknong 15:**

*Amang ang nigo*
*nga naghandurawg tahop human*
*ang unang subang sa pananggi*
*ug padayon ang banwag sa santilmo*
*sa mga gipanglubong nga kabilin:*
*gibalikosan nas gamot ug kalimot.*

**Tema 15: Paglimot**
Ang tema ng saknong na ito ay umiikot sa konsepto ng paglimot at pagkakalimutan ng mga tradisyon at pamana ng nakaraan. Ang nagsasalita sa akdang naglalarawan ng isang sitwasyon kung saan ang mga bagay na dati ay mahalaga tulad ng *nigo* na sumisimbolo sa mga tradisyonal na kasangkapan at kasanayan sa paghahanda ng bigas bago isasaing ay nawalan na ng halaga at kahulugan. Ang unang *subang sa pananggi* ay isang kaugalian mula sa mga ninuno na nagsisilbing palatandaan ng panahon ng pagsanggi. Kapag malaki ang buwan sa gabi, ito'y nangangahulugan na darating na ang tamang oras upang *magsanggi* kinabukasan. Samantala, ang *banwag na santilmo* isang kakaibang liwanag na itinuturing na dulot ng mga kaluluwang hindi matahimik, ay nagpapakita ng mga paniniwala at alamat na bahagi ng kanilang kultura. Gayunpaman, ang paniniwalang ito ay itinuturing na ngayon bilang alamat, dahil maaaring ipaliwanag na ito sa pamamagitan ng siyensiya. Ang mga gipanglubong nga *kabilin* naman ay sumisimbolo sa mga pamana ng nakaraan na unti-unting binalewala at hindi na nabibigyang-pansin ng makabagong henerasyon.

**Saknong 16:**

*Masiplit pa kaha ang tango*
*nga gihabak ni Habagat*
*kon nasangit sa kada*
*nato ka kilay ang kapa*
*ni Superman ug Batman?*
*Labing ngilngig kon kanunayng*
*hugyoan sa paghot*
*ni Scooby-doo*
*ang atong dunggan?*
*Bisan gani ang alingagngag*
*sa tambaluslos gibayan*
*namag kiyot sa langyaw*
*nga panghupaw.*
*Unsa kahag hilam-osan*
*ang namilit nga lapok*
*sa atong aping ug ngabil.*
*Tapokon natog balik*
*ang kabhang nga binilin*
*sa mga umang.*
*Hapyoron ang himbis*
*sa galuno nga uhipan*
*libod ug baksan*
*nga nakalimtan lamang*
*kilid sa mga busay.*
*Kawsag tubig-atabay*
*ang way sulod nga tagyaw*
*ug sigaan ang sug-ang*
*sa kasingkasing.*
*Pagkahuman, silhigan natog*
*abog ang hagdanan,*
*halingan ang mga layang*
*dahon sa nataran,*
*hilom nga sud-ongon*
*ang mga aligatong*
*lupad sa huyuhoy.*
*Unya, gakson ang kilumkilom.*
*Hagkan ang kabugason.*

**Tema 16: Pagninilay at Pagbabalik**
Ang tema ng saknong na ito ay umiikot sa konsepto ng pagninilay at pagbabalik sa mga tradisyonal na ugat at kasanayan sa harap ng modernisasyon at banyagang impluwensya. Ang makata ay naglalarawan ng isang sitwasyon kung saan ang mga lokal na simbolo at karanasan tulad ng *tango nga gihabak ni Habagat* ay tila natatabunan ng mga banyagang *animation* at *cartoon* karakter at *media* tulad nina *Superman*, *Batman*, at *Scooby-Doo*. Ang saknong ay nagpapakita ng kontrast sa pagitan ng mga lokal na tradisyon at ng mga impluwensyang banyaga na kadalasang umaagaw ng ating atensyon at pagkakakilanlan. Ang pagkasunod-sunod ng mga taludtod at ang paggamit ng espasyo ay maaaring sumasalamin sa proseso ng pagninilay at pagbabalik-loob. Ang mga taludtod

ay tila nag-aanyaya ng isang hakbang-hakbang na paglalakbay pabalik sa ating mga ugat mula sa pagkilala sa mga nawalang tradisyon hanggang sa aktwal na pagsasagawa ng mga ito tulad ng *pagkawsag tubig-atabay* at *silhigan natog abog ang hagdanan*.

Sa pagbalik-tanaw sa nakaraan, pagbukas ito ng isang lumang aklat na puno ng alaala at kuwento. Mahalaga ang paglingon sa pinagmulan, sapagkat dito natin nauunawaan ang ating kasaysayan at pagkatao. Ngunit habang binibigyan natin ng halaga ang kagandahan ng nakaraan, nararapat din nating yakapin ang mga pagbabago ng kasalukuyan. Tulad ng takipsilim na nagdadala ng liwanag at dilim, kailangang ipagpatuloy ang paglalakbay bitbit ang aral ng kahapon habang niyayakap ang mga pagbabago tungo sa mas maunlad na bukas.

Sa kabuuan, ang balak na pinamagatang *Kabilin* ni Noel Tuazon ay isang makapangyarihan at mapanlikhang pagninilay sa alaala ng kultura, pamana, at mga hamong dulot ng makabagong buhay. Sa pamamagitan ng mayamang metapora at masidhing imahen hinihikayat ng balak ang mga mambabasa na magnilay sa mga pamanang ating minamana, mga tradisyong maaaring mawala, at ang ating pananagutang pangalagaan ang mga ito.

Ang *kabilin* ay tumutukoy sa yaman ng kultura, kaalaman, at tradisyon na ipinapasa mula sa mga naunang henerasyon. Kasama rito ang mga kwento, paniniwala, at kasanayan na nagbibigay saysay sa ating pagkatao at identidad. Ito ay isang panawagan upang pahalagahan ang ating pamana bago ito maglaho, at ipinaaalala na sa kabila ng pagbabago, may pag-asa sa pagbabagong-buhay kung tayo ay matututo mula sa nakaraan at magbukas sa hinaharap.

**Kabuuang Tema: Pagpreserba sa mga Pamana ng Lahi sa Kabila ng Modernisasyon**

Ang tema ng balak ay tungkol sa pagpreserba ng mga pamana ng lahi sa kabila ng modernisasyon. Ipinapakita ng balak ang isang malalim na pagninilay sa mga tradisyon, paniniwala, at kasaysayan ng ating kultura na dahan-dahang nawawala o nagbabago dahil sa impluwensiya ng makabagong panahon. Sa mga simbolo ng mga lokal na pangalan, alamat, at mga sinaunang kasaysayan, ipinapakita ng may-akda ang kahalagahan ng mga ito bilang bahagi ng ating identidad. Ngunit habang ang mundo ay umuusad at ang teknolohiya, komersyo, at modernong libangan ay humahamon sa mga tradisyunal na aspeto ng buhay, naroroon ang patuloy na pagsubok na panatilihin ang mga ito. Binanggit ang mga sinaunang ritwal at alamat, na ang mga ito ay unti-unting napapalitan ng mga makabagong bagay tulad ng social media, teknolohiya, at libangan ng masa. Ang balak ay nagsisilbing paalala na ang ating mga pamana ay hindi dapat malimutan o mapako sa nakaraan, kundi ay dapat ipagdiwang at ipasa sa mga susunod na henerasyon.

**C. Kontemporanyong Teoryang Pampanitiakan: Teoryang Postkolonyalismo at Teoryang Eksistensyalismo**

Ang kontemporanyong teoryang pampanitikan na ginamit ng makata sa pagbuo ng kanyang balak ay nakaugat sa Teoryang Postkolonyalismo. Ang teoryang ito ay tumutukoy sa pagsusuri ng mga epekto ng kolonyalismo sa kultura, identidad, at lipunan ng mga bansa na dating nasakop. Sa balak na ito, makikita ang pagtalakay sa mga pagbabago sa kultura at tradisyon ng mga Pilipino dahil sa impluwensya ng banyagang kultura at modernisasyon. Ayon kay Raine (2023), ang postkolonyalismo ay isang kritikal na teorya na nag-aaral sa mga epekto ng kolonyalismo sa kultura, politika, at ekonomiya.

Tinututukan nito ang parehong panahon ng kolonisasyon at ang patuloy na impluwensya ng mga ideyang Kanluranin, partikular ang konsepto ng pagiging superyor ng Kanluran, na ginamit upang bigyang-katwiran ang pang-aapi at pagsasamantala sa mga katutubo. Naaayon ang nasabing balak sa teoryang ito kung saan inilalahad ng makata ang patuloy na impluwensiya ng kanluraning ideolohiya sa kasulukuyang panahon. Ikinukompara ng makata ang kasulukuyan at ang nakaraang panahon na ukol sa kanyang pananaw at karanasan sa buhay. Isang linya na nagpapatunay dito ay: *kon nasangit sa kada nato ka kilay ang kapa ni Superman ug Batman?* Ang paggamit ng mga banyagang simbolo tulad nina Superman at Batman ay nagpapakita ng impluwensya ng banyagang kultura na sumasalungat sa mga lokal na tradisyon at simbolo.

Makikita din sa balak ang teoryang eksistensyalismo, kung saan nakatuon ang makata sa paghahanap ng kahulugan at layunin ng buhay. Ipinapakita ng makata ang kanyang pakiramdam ng pagkalito at pag-aalinlangan tungkol sa kanyang identidad at kultura. Ang paggamit ng banyagang simbolo tulad nina Superman at Batman ay nagpapakita ng impluwensya ng ibang kultura sa kanyang pananaw. Sa kabila ng mga banyagang ideya, ipinapakita rin ng makata ang kanyang paghahanap ng sariling kahulugan sa gitna ng mga ito. Sa teoryang eksistensyalismo, binibigyang halaga ang kalayaan ng tao na pumili at magtakda ng kanyang sariling landas. Sa balak, makikita ang pagsubok ng makata na kilalanin ang sarili at ang kanyang lugar sa mundo, sa kabila ng impluwensyang banyaga. Ang kanyang pag-aalinlangan ay bahagi ng proseso ng paghahanap ng tunay na kahulugan, at ang pagnanais na makamit ang pagka-kontento at kaalaman sa mundong puno ng iba't ibang impluwensya.

**Konklusyon**

Batay sa pagsusuri ng mga piling balak ni Noel P. Tuazon, ang mga tema ng kanyang mga akda ay sumasalamin sa mga kontemporanyong karanasan at realidad, kabilang ang personal na damdamin, panlipunang usapin, at kultural na identidad. Sa proseso ng pagsusuri, dumaan muna ang mga mananaliksik sa pag-alam ng istilo at tema na ginamit ng makata. Ang hakbang na ito ay nakatulong upang mas mapadali ang pag-ugnay sa mga teoryang pampanitikan na maaaring napapaloob sa mga balak. Sa istilo ng pagsulat, nalalapat ang mga makabagong

teknik tulad ng malayang taludturan, simbolismo, at masining na paglalarawan na nagbibigay-buhay at lalim sa bawat balak. Ang paggamit ng mga elementong ito ay nagiging tulay upang maipahayag nang mas malinaw at makapangyarihan ang mga damdamin at ideya ng may-akda. Samantala, ang mga teoryang pampanitikan gaya ng postkolonyalismo, romantisismo, eksistensyalismo, at iba pa ay malinaw na makikita sa kanyang mga akda. Ang mga teoryang ito ay tumutulong upang masuri ang impluwensya ng kasaysayan, lipunan, at sariling karanasan ng may-akda sa kanyang sining. Ang istilo, mga tema at kontemporanyong teoryang pampanitiman na nakikita ng mga mananaliksik sa mga piling balak ni Noel P. Tuazon ay nakabatay lamang sa *reader's response theory,* na nagbibigay-diin sa mahalagang papel ng mambabasa sa pagbibigay-kahulugan sa isang akda. Sa ganitong paraan, ang balak ni Tuazon ay hindi lamang nagiging salamin ng kanyang pananaw at karanasan, kundi nagiging aktibong bahagi rin ng pakikipag-ugnayan sa kanyang mga mambabasa.

**Rekomendasyon**

Nabuo ang mga sumusunod na rekomendasyon batay sa mga resulta at konklusyon ng pag-aaral.

1. Gamitin ang balak na hanguan para sa pagtuturo sa panitikan sa Filipino dahil mayaman ito sa elemento, literatura, at retorika.
2. Gamitin ang interaktibong diskurso sa pagtuturo ng mga balak ni Noel P. Tuazon gamit ang *Reader's Response Theory*. Hayaang magsagawa ang mga mag-aaral ng aktibong pagbasa, magbahagi ng sariling interpretasyon, at lumikha ng malikhaing presentasyon upang mapalalim ang pag-unawa at pagpapahalaga sa panitikang rehiyonal.

## REPERENSES

1. *Aguila, C. J. (2017). Antas ng Kakayahan sa Pagsusuri ng Tula ng mga Mag- aaral na nasa Grade 9 ng Cabangan National High School, Zambales, Taong Panuruan 2020-2021. http://tinyurl.com/5ds248w9*
2. *Alejandro, H. (2010). Realistic Analysis of Jose Rizal's Patriotic Poetry. http://www.mail.ijase.org/index.php/ijase/article/view/160/125*
3. *Almario, V. (2015). Manila: National Commission for Culture and the Arts. Retrieved from https://philippineculturaleducation.com.ph/balak/*
4. *Andrada, Michael Francis C. (2022). Anatomiya ng Antolohiya: Interbensiyonal na Pagsipat sa Politika at Ideolohiya ng Piling Antolohiyang Pampanitikan ng mga Iskolar ng Rehiyon (Anatomy of Anthology: Interventional Study of the Politics and Ideology of Select Literary Anthologies by Scholars from the Region)," Akda: The Asian Journal of Literature, Culture, Performance: Vol. 2: No. 2, Article 5. https://animorepository.dlsu.edu.ph/akda/vol2/iss2/5/Ang Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1987. https://tinyurl.com/munzapdv*
5. *Azarias, R. (2018). Realistic Analysis of Jose Rizal's Patriotic Poetry. http://www.mail.ijase.org/index.php/ijase/article/view/160/125*
6. *Cetinavci, U. R., & Tutunis, B. (2016). Making Use of Poems to Teach English. The Journal of Language Learning and Teaching. https://dergipark.org.tr/en/pub/jltl/issue/22507/240609*
7. *Bathalad-Cebu (2012). Mga Mananaog sa Tigi sa Sinulatay. https://tinyurl.com/mztt8xc6*
8. *Diwan, G., & Pandey, N. (2019). Literature and existentialism: Themes of angst and absurdity. https://tinyurl.com/4ym9k9k6*
9. *Evasco, M. (2002). Song and Subtance: Women Writing Poetry in Cebuano. https://ajol.ateneo.edu/kk/articles/73/709*
10. *Inocian, R. B., Callangan, A. L. I., Medrano, D. R., & Gualiza, W. G. (2020). Cebuano cultural identities: Prospects for culturally responsive pedagogy. Journal of Research, Policy & Practice of Teachers & Teacher Education. http://tinyurl.com/2s3abm9s*
11. *Lunsayng Bisaya. (2010). Mga Kalihokan sa Lunsayng Bisaya. https://lunsayngbisaya.wordpress.com/2010/03/*
12. *Miranda, A. (2017). Kahalagahan at Gamit ng Iba't ibang Teoryang Pampanitikan. https://tinyurl.com/mr2kef23*
13. *National Committee on Literary Arts. (2022). 2022 Gawad Bienvenido Lumbera: NCLA National Literary Contest Winners. https://tinyurl.com/3mv6zz6r*
14. *Noval, A. (2022). Pagdalumat sa Piling Sugboanong Balak Tungo sa Pagbuo ng Modelong S3 L2 sa Pagtuturo ng Panulaan. http://tinyurl.com/2s3abm9s*
15. *Nibalvos, I.M (2019). Lipunan at Panitikan: Pag-uugat ng Kapilipinohan sa Pagbubuo ng Literaturang Pambansa. http://tinyurl.com/224sfuen*
16. *Don Carlos Palanca Memorial Awards for Literature. (2023). http://www.palancaawards.com.ph/index.php/palanca-awardee/directory of-palanca-winners*
17. *Raine, S. (2023). What is post-colonialism. https://tinyurl.com/2h83dk6c*
18. *Siplac, G. (2022). An Analysis and Translation of Selected Filipino Elegy.International Journal of Arts, Sciences and Education,3(2 June Issue), 249–261. Retrieved from https://ijase.org/index.php/ijase/article/view/14*
19. *Shin, J. (2019). Journey to the unexplored world: An English learner's L2 reader-response journals. Pedagogies: An International Journal, 14(3), 173-190. 8.https://doi.org/10.1080/1554480X.2019.1625268*
20. *Somers, J. (2024). Romanticism in Literature: Definition and Examples. https://tinyurl.com/436uwan*
21. *Vega, B. (2017). Realistic Analysis of Jose Rizal's Patriotic Poetry. http://www.mail.ijase.org/index.php/ijase/article/view/160/125*
22. *Woodruff, A. H., & Griffin, R. A. (2017). Reader's Response in Secondary Settings: Increasing Comprehension through Meaningful Interactions with Literary Texts. Texas Journal of Literacy Education, 5(2), 108-116. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1162670.pdf*